



Australian Government

Pagkamamamayang Australiano

Ang Ating Panlahatang
Pagkakaugnay

Ang lahat ng impormasyong kailangan mo upang makasagot sa iksamen sa pagkamamamayang Australiano ay nasa librong ito. Hindi mo kailangang bumili o kumuha ng ibang mga pakete ng pagkamamamayan mula sa sinumang indibidwal o organisasyon upang pumasa sa iksamen sa pagkamamamayan. Hindi ii-endorso o irerekomenda ng Department ang anumang pakete na nagpapahayag na tutulong sila upang makapasa ka sa iksamen sa pagkamamamayan.

© Commonwealth of Australia 2020

Maliban sa Eskudo ng Komonwelt, ang lahat ng mga materyal na pinresenta sa lathalaing ito ay ibinibigay sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 na Internasyonal na lisensya sa <https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode>.

Nangangahulugan ito na ang lisensya ay umiiral lang sa materyal ayon sa itinakda sa dokumentong ito.



Ang mga detalye ng nauugnay na mga kondisyon sa lisensya ay mababasa sa website ng Creative Commons sa <https://creativecommons.org/> pati na rin ang buong legal na code para sa CC BY 4.0 na lisensya sa <https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode>.

Paggamit ng Eskudo

Ang mga tuntunin kung saan napapasailalim ang paggamit ng Eskudo ay nakadetalye sa website ng Department of Prime Minister and Cabinet (Departamento ng Punong Ministro at Gabinete) — <https://www.pmc.gov.au/government/commonwealth-coat-arms>.

Kontakin kami

Ang mga katanungan tungkol sa lisensya at anumang paggamit sa dokumentong ito ay ikinalulugod naming tinatanggap sa:

Portfolio Media and Engagement Branch
Department of Home Affairs
PO Box 25
BELCONNEN ACT 2616

Pagtatatwa

Ang mga mambabasang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay binabalaan na ang lathalaing ito ay may mga litrato at/o nilalamang may kaugnayan sa mga yumaong tao.

Mga Nilalaman

Isang mensahe para inyo	2
Seksyong iniiksamen	
Unang Bahagi: Ang Australia at kaniyang mamamayan	7
Ika-2 Bahagi: Mga demokratikong paniniwala, karapatan at kalayaan ng Australia	17
Ika-3 Bahagi: Ang pamahalaan at batas ng Australia	23
Ika-4 na Bahagi: Ang mga pinapahalagahan ng Australia	33
Talahuluganan ng seksyong iniiksamen	40
Seksyong hindi iniiksamen	
Ika-5 Bahagi: Ang Australia ngayon	48
Ika-6 na Bahagi: Ang ating kwentong Australiano	63
Talahuluganan ng seksyong hindi iniiksamen	84
Para sa karagdagang impormasyon	86
Mga Pasasalamat	88



Isang mensahe para sa inyo

Maligayang bati sa inyong pagpili na maging isang mamamayang Australiano. Kinailangan ng tapang, pagsisikap at pagtatalaga sa sarili na manirahan sa isang bagong bansa at lubusang lumahok bilang isang mamamayan. Pinahalalagahan namin ang inyong kontribusyon sa ating mapayapa at demokratikong lipunan.

Ang pagkamamamayang Australiano ay isang mahalagang yugto sa inyong kwento ng migrasyon. Ang pagiging mamamayang Australiano ay nangangahulugan na kayo ay gumagawa ng isang patuloy na kapasiyahan sa sarili para sa Australia at sa mga pinahalalagahan nating lahat. Simula rin ito ng inyong pagiging pormal na miyembro ng komunidad ng Australia. Ito ay isang hakbang na magbibigay kapangyarihan sa inyo na sabihing 'Ako ay Australiano'.

Ang pagkamamamayang Australiano ay isang pribilehiyo na naghahandog ng napakaraming gantimpala. Sa pagiging mamamayang Australiano, kayo ay sumasapi sa isang bukod-tanging pambansang komunidad. Ang ating bansa ay itinatag sa mga kontribusyon ng ating mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island, ang mga demokratikong institusyon na ating namana mula sa Britanya, at yaong mga migranteng mula sa ibat-ibang bahagi ng mundo. Pinagdiriwang natin ang ating pagkakaiba-iba, at kaalinsabay nito, nagsusumikap na makamtan ang pagiging isang nagkakaisa at nagkakasundong nasyon.

Ang lakas ng ating komunidad Australiano ay dahil pinagtutulungan nating nilulutas ang mga problema at hinuhubog ang hinaharap ng Australia. Mayroon tayong isang matatag na sistema ng pamahalaan, at iginagalang ng mga Australiano ang awtoridad at mga batas ng pamahalaan. Ang ating katatagan, kultura at batas ay inihubog ng ating kasaysayan. Sa pagsapi sa komunidad ng Australia, kayo ay dadagdag sa kuwento ng Australia at kayo ay nasa katayuan na tulongang hubugin ito.

Ang Australia ay isang napakatandang lupain. Malawak ito at katangi-tangi. Ito ay isang bansa ng mga kagubatan at kakahuyan; ng mga tabing-dagat at mga disyerto; ng mga lungsod at bukirin. Ang ating mga Katutubong kultura ay kabilang sa mga pinakamatanda at patuloy na umiiral na kultura sa mundo. Tayo ay isa ring batang nasyon, isang nasyon ng mga migrante. Ang paninirahan ng mga taga-Eropa sa Australia ay nagsimula noong 1788 at patuloy pa rin tayo ngayon sa pagtanggap ng mga bagong migrante.

Ang mga tao mula sa mahigit na 200 bansa ay itinuring ang Australia bilang kanilang tahanan. Bunga nito, ang ating lipunan ay isa sa mga pinakakaiba sa mundo. Matagumpay na pinagbuklod ng Australia ang pagkakaiba ng kultura at lahi sa pambansang pagkakaisa. Ang pagkamamamayan ang ugnay na pinagkakaisa tayong lahat.

Ang Australia ay isang demokrasya. Ang pagiging mamamayan ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon upang lubusang makilahok sa pagbubuo ng ating demokratikong nasyon. Nangangahulugan ito na kayo ay handang isakatuparan ang inyong mga responsibilidad bilang isang pormal na miyembro ng komunidad ng Australia. Ang mga Australiano ay naniniwala sa mga pinapahalagahan ng lahat katulad ng karangalan at kalayaan ng bawat isang tao, sa pagkakapantay-pantay ng oportunidad para sa ng mga lalaki at babae, at sa Pangangibabaw ng Batas. Ang pagkamamamayang Australiano ay tungkol sa pamumuhay ng mga ganitong mga pagpapahalaga sa pang-araw-araw na buhay.

Pagiging mamamayan ng Australia

Ang pagiging mamamayang Australiano ay isang mahalagang proseso kung saan ang tao ay sumusumpa sa kaniyang katapatan sa Australia at kaniyang mamamayan, at pagkatapos ay may karapatang gamitin ang kaniyang mga karapatan at responsibilidad bilang mamamayan ng ating nasyon.

Ang iksamen sa pagkamamamayang Australiano

Ang iksamen sa pagkamamamayang Australiano ay dinisenyo upang tasahin kung kayo ay may sapat na kaalaman tungkol sa Australia, sa demokratikong sistema, mga paniniwala at pinapahalagahan nito, at sa mga responsibilidad at pribiliheyo ng pagkamamamayan.

Ang iksamen sa pagkamamamayan ay nakakompyuter na may mapagpipiliang sagot at nasa Ingles. Binubuo ito ay 20 sapalarang piniling tanong; at nitong Nobyembre 15, 2020, magkakaroon rin ito ng limang tanong tungkol sa mga pinapahalagahan ng Australia.

Para pumasa sa iksamen, dapat na masagot ninyo nang wasto ang lahat ng limang pinapahalagahan, nang may grado na hindi kukulangin sa 75 porsiyento sa pangkalahatan.

Ang mga iksamen ng pagkamamamayan ay isinasagawa sa mga opisina ng Department of Home Affairs sa buong Australia. Iniiskedyul din ang mga iksamen sa ilang mga lugar sa kabuuan ng Australia at sa ilang mga misyon sa ibayong dagat.

Paghahanda para sa iksamen sa pagkamamamayang Australiano

Upang makapaghanda sa iksamen ng pagkamamamayan, kakailanganin ninyong basahin ang librong ito na mapagkukunan ng impormasyon. *Pagkamamamayang Australiano: Ang Ating Panlahatang Pagkakaugnay.*

Ang librong ito na mapagkukunan ng impormasyon ay may seksyong iniiksamen at hindi iniiksamen.

Seksyong iniiksamen

Ang lahat ng impormasyong kailangang malaman ninyo para makapasa sa iksamen ng pagkamamamayan ay matatagpuan sa unang apat na bahagi ng librong ito:

- Unang Bahagi—Australia at kaniyang mamamayan
- Ika-2 Bahagi—Mga demokratikong paniniwala, karapatan at kalayaan ng Australia
- Ika-3 Bahagi—Ang pamahalaan at batas ng Australia
- Ika-4 na Bahagi—Ang mga pinapahalagahan ng Australia

Kailangan ninyong malaman at maunawaan ang impormasyon sa seksyong iniiksamen para masagot ang mga katanungan sa iksamen ng pagkamamamayan.

Seksyong hindi iniiksamen

Ang seksyong hindi iniiksamen ay may mahalagang impormasyon na tutulong sa inyong pang-unawa sa kasaysayan at kultura ng Australia. Hindi kayo iiksamenin sa impormasyong ito.

- Ika-5 Bahagi—Ang Australia ngayon
- Ika-6 na Bahagi—Ang ating kwentong Australiano

Mga tanong na mapagsasanayan

Sa hulihan ng seksyong iniiksamen ay mayroong 20 mga tanong na mapagsasanayan upang matulungan kayo sa paghahanda sa iksamen ng pagkamamamayan.

Mga Talahuluganan

Mayroong isang talahuluganan (listahan ng mga mahalagang salita at kanilang kahulugan) sa katapusan ng bawat seksyong maaaring iksamenin at hindi maaaring iksamenin.

Karagdagang impormasyon

Sa likod ng librong mapagkukunan ng impormasyon, makikita mo ang payo tungkol sa kung saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon.

Tulong habang kumukuha ng iksamen sa pagkamamamayan

Inaasahan namin na halos lahat ng mga nagnanais maging mamamayang Australiano ay may kakayahan sa pagbasa na kinakailangan upang makumpleto nang walang tulong ang iksamen sa pagkamamamayan. Mayroon ring teknolohiyang text-to-speech, na magagamit mo upang pakinggan ang mga tanong at pagpipiliang sagot.

Pagkatapos ng iksamen sa pagkamamamayang Australiano

Kung makakapasa kayo sa iksamen na ito, magpapatuloy kami sa pagproseso ng inyong aplikasyon. Kung naaprubahan ang inyong aplikasyon at kinakailangan ninyong dumalo sa isang seremonya sa pagkamamamayan, makakatanggap kayo ng sulat ng imbitasyon upang dumalo sa seremonya. Sa pangkalahatan, ang inyong seremonya ay isasagawa sa loob ng anim na buwan mula sa panahong naaprubahan ang inyong aplikasyon.

Ang Pangako ng Pagkamamamayang Australiano

Mahalaga para sa lahat ng mga mamamayang Australiano na maunawaan ang ating mga responsibilidad at pribiliheyo at ang kahulugan na pagiging mamamayan, maging tayo man ay ipinanganak na Australiano o piniling maging Australiano. Kritikal ito sa patuloy na pagtatagumpay ng ating nasyon.

Sa pagdalo ninyo ng seremonya ng inyong pagkamamamayang Australiano, gagawin ninyo ang Pangako sa Pagkamamamayang Australiano.

Sa pagsasagawa nito, kayo ay gumagawa ng pampublikong pagtatalaga sa sarili para sa Australia at pagtanggap ng mga responsibilidad at pribiliheyo ng pagiging mamamayan.

Ito ang pangako na inyong gagawin:

Simula ngayon at sa hinaharap, sa ilalim ng Diyos, *

***Ako ay nangangako ng aking katapatan sa Australia at sa kaniyang mamamayan,
sa mga demokratikong paniniwala nito na nakikibahagi ako,
sa kaniyang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ko, at
at sa mga batas nito na itataguyod at susundin ko.***

* Maaaring pumili ang isang tao kung gusto o ayaw niyang gamitin ang mga salitang 'sa ilalim ng Diyos'.

Habang binabasa ninyo ang librong ito, magkakaroon kayo ng mas mabuting pang-unawa sa kahulugan ng Pangako at kung papaano ninyo mapagayaman ang bahaging inyong gagampanan sa panlipunang Australiano.



Ang seremonya ng pagkamamamayang Australiano

Ang mga seremonya ng pagkamamamayang Australiano ay maaaring maging maliit, kinapapalooban ng ilang mga tao, o maaaring maging napakalaki, kinapapalooban ng mga daan-daan o libo libong katao. Ang kaibuturan ng damdamin at karangalan ng mga bagong mamamayan at mga opisyal ang lalong nagpapasaya sa pagdiriwang.

Sa simula ng seremonya ng pagkamamamayan, ikaw ay maaaring salubungin ng isang kinatawan ng mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island na silang mga tradisyonal na nagmamay-ari ng mga lupain sa inyong lugar. Ang protokol ng Welcome to Country (Maligayang Pagdating sa Bansa) na ito ay gawing isinasagawa ng mga Katutubong Australiano sa kanilang mga tradisyonal na lupang tinubuan sa libu-libong taon. Maririnig ninyo ang mga salita ng pagtanggap at pagpapalakas ng loob galing sa mga lider ng lokal na komunidad o mga kinatawan ng pamahalaan.

Babasahin o uulitin ninyo nang malakas ang Pangako ng Pagkamamamayang Australiano na kasama ang ibang mga taong piniling maging mamamayan ng Australia. Ito ang pinakamahalagang bahagi ng seremonya. Hindi kayo magiging mamamayan ng Australia hangga't hindi ninyo nagagawa ang pagpapangako para sa Australia.

Maaari kayong magdala ng banal na kasulatan o Bibliya na inyong hahawakan habang sinasabi ang Pangako, subalit hindi ninyo kailangang gawin ito.

Ang mga lider ng inyong komunidad o kinatawan ng pamahalaan ay magbibigay ng maikling pagsasalita sa kahulugan ng pagiging mamamayan. Tatanggap kayo ng Sertipiko ng Pagkamamamayang Australiano at ganoon din ng isang maliit na regalo galing sa inyong komunidad. Ang lahat ay kakanta ng 'Advance Australia Fair', ang pambansang awit ng Australia.

Pagkatapos ng seremonya ng pagkamamamayan, magkakaroon kayo ng pagkakataong na makatagpo at magdiwang kasama ng inyong mga kapwa Australiano.

Hinahangad namin ang bawat tagumpay sa inyong pagiging mamamayang Australiano, at sa inyong pagtatamo ng mapayapa at kapakipakinabang na pamumuhay sa Australia.

Para sa karagdagang impormasyon

Bumisita sa website ng pagkamamamayang Australiano sa www.citizenship.gov.au.





Ang simula ng seksyong iniiksamen



UNANG BAHAGI

Ang Australia
at kaniyang mamamayan

Ang Australia at kaniyang mamamayan

Sa seremonya ng pagkamamamayan, ipinangako ninyo ang inyong katapatan sa Australia at sa kaniyang mga mamamayan. Kaya mahalaga para sa inyo na magkaroon ng pang-unawa ng komunidad at populasyon ng Australia, kabilang ang katutubo nitong pamana. Mahalaga rin na inyong maunawaan ang kasaysayan ng Australia at kung papaano tayo nakabuo ng isang matatag at matagumpay na multikultural na nasyon sa ngayon.

Sa seksyong ito, mababasa ninyo ang ilan sa mga pangyayari na nakapag-ambag sa ating kuwento. Mayroong impormasyon tungkol sa ating mga estado at teritoryo, at mga tradisyon at simbolo na ipinagmamalaki natin na kinikilalang namumukod na Australiano.

Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island

Ang mga unang tao sa Australia ay ang mga Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island, na may pinakamatandang nagpapatuloy na mga kultura at tradisyong sa mundo.

Ayon sa kasaysayan, ang katutubong mga tao ay nagmula sa pangunahing lupain ng Australia at Tasmania. Nagpapahiwatig ang mga arkeolohikong rekord na ang mga Katutubong tao ay nakarating sa Australia sa pagitan ng 65,000 at 40,000 taong nakalipas; subalit, naniniwala ang mga Katutubong tao na sila ay sentro ng mga kwento ng paglikha ng lupaing ito, at ang kanilang mga kwento ng paglikha ay nagsisimula sa simula ng panahon. Ang mga taong mula sa Torres Strait Island ay mula sa mga isla sa pagitan ng hilagang dulo ng Queensland at Papua New Guinea.

Ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay may napakatanda nang mga paniniwala at tradisyon na gumagabay pa rin sa kanila ngayon. Mayroon silang malalim na kaugnayan sa lupa, na ipinahihiwatig sa kanilang mga kwento, sining at sayaw. Ang mga katutubong kultura ay iba-iba at isang mahalagang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan ng Australia.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ay mababasa sa *Ika-5 Bahagi, Ang Australia ngayon* at *Ika-6 na Bahagi, Ang ating kwentong Australiano*.

Mga unang araw ng paninirahan ng mga taga-Europa

Ang pagdayo ng mga taga-Europa ay nagsimula nang dumaong ang unang 11 barkong naglululan ng mga bilanggo, na nakilala sa pangalang “Unang Plota”, mula sa Dakilang Britanya noong ika-26 ng Enero 1788.

Sa panahong ito ang mga batas ng Britanya ay malupit at ang mga bilangguan ay hindi kayang ikulong ang malakihang bilang ng mga taong ibinilanggo dahil sa krimen. Upang pamahalaan ang ganitong problema, ang gobyerno ng Britanya ay nagdesisyong ilipat ang mga bilanggo sa ibang panig ng mundo: sa bagong kolonya ng New South Wales.

Ang unang Gobernador ng kolonya ng New South Wales ay si Kapitan Arthur Phillip. Nanatili ang kolonya, at habang mas marami pang mga bilanggo at malayang maninirahang hindi bilanggo ang dumating, ito ay lumaki at umunlad. Mas marami pang kolonya ang itinayo sa ibang parte ng Australia.

Ang mga naunang malayang maninirahang hindi bilanggo ay galing sa Dakilang Britanya at Ireland. Ang pamana ng Britanya at Ireland ay may malaking impluwensiya sa kamakailan lamang na kasaysayan, kultura, at pulitika ng Australia.

Noong 1851, nagsimula ang isang ‘gold rush’ kung kailan nadiskubre ang ginto sa mga kolonya ng New South Wales at Victoria. Ang mga tao sa iba’t ibang panig ng mundo ay dumating sa mga kolonyang ito upang makipagsapalaran. Ang mga taong tubong Tsina na dumating sa panahong ito ang unang pinakamalaking grupo ng mga migranteng hindi galing sa Europa. Sa loob ng 10 taon, humigit sa doble ang populasyon ng Australia.



Ang bansang Australia

Noong 1901, ang mga hiwalay na kolonya ay nagkaisa sa ilalim ng pederasyon ng mga estado na tinawag na Komonwelt ng Australia. Sa panahong ito nabuo ang ating mga pambansang demokratikong institusyon, kasama ang ating Pambansang Parlamento, gobyerno at ang Mataas na Hukuman, sa ilalim ng bagong Konstitusyon ng Australia. Noong 1901, ang populasyon ng Australia ay humigit-kumulang apat na milyon. Hindi kasama sa bilang na ito ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island, dahil napabilang lang sila sa mga opisyal na tantiya ng populasyon ng Australia pagkatapos ng Reperendum ng 1967.

Sa loob ng unang kalahati ng ikadalawampung siglo, ang antas ng imigrasyon ay tumaas at bumaba. Mayroong mga programa na aktibong hinimok ang mga migranteng taga Britanya na manirahan dito, at marami ang nagsagawa nito.

Isang daluyong ng imigrasyong hindi galing sa Britanya ang dumating pagkatapos ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig, na mga milyong katao sa Europa ang lumisan sa kanilang lupang tinubuan. Malaking bilang ng mga taga-Europa ang dumating sa Australia upang magtatag ng panibagong buhay.

Nitong mga makailang taon, ang ating mga programang pang-imigrasyon at pang-refugee ay nagdala ng mga tao sa Australia mula sa ibat ibang panig ng mundo. Dumating ang mga tao rito upang makapiling ang kanilang pamilya, magpanibagong buhay, o takasan ang kahirapan, giyera o pag-uusig.

Ang pagkakaiba-iba ng mga tao sa Australia ay lumago sa nakalipas na dalawang siglo. Ang iba't-iba at masaganang lipunan na ito ay nagpapatatag ng pakikipag-ugnayan ng Australia sa mundo. Habang pinagdiriwang natin ang pagkakaiba-iba ng mga tao sa Australia, ating ding layunin na maitatag ang isang magkaka-ugnay at nagkakaisang nasyon.

Ang pambansang wika ng Australia ay Ingles. Bahagi ito ng ating pambansang pagkakakilanlan. Alinsunod sa mga pinapahalagahan ng Australia, ang mga migrante ay hinihimok na matuto at gumamit ng Ingles upang tulungan silang lumahok sa lipunang Australiano. Ang komunikasyon sa Ingles ay mahalaga rin sa ultimong pagkayod sa pamumuhay at paghahanapbuhay sa Australia.

Pinahahalagahan din ang ibang mga wika, kabilang ang higit sa 100 natatanging wika ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island.

Mga estado at teritoryo ng Australia

Ang Komonwelt ng Australia ay isang pederasyon ng mga estado at teritoryo. Mayroong anim na estado at dalawang teritoryo sa pangunahing lupain. Ang Canberra ang kabiserang-siyudad ng Australia. At ang bawat estado at teritoryo sa pangunahing lupain ay may kaniya-kaniyang kabisera.



Estado	Kabiserang-siyudad
New South Wales (NSW)	Sydney
Victoria (Vic.)	Melbourne
Queensland (Qld)	Brisbane
Western Australia (WA)	Perth
South Australia (SA)	Adelaide
Tasmania (Tas.)	Hobart
Teritoryo	Kabiserang-siyudad
Australian Capital Territory (ACT)	Canberra
Northern Territory (NT)	Darwin

Mga estado


Ang **New South Wales** ang unang kolonya na itinatag ng mga taga-Britanya. Ang Sydney ang kabiserang-siyudad ng New South Wales at ito ang pinakamalaking siyudad sa bansa. Ang Tulay sa Pantalan (Harbor Bridge) at Tahanan ng Opera (Opera House) ng Sydney ay mga pambansang simbolo.



Ang **Victoria** ang pinakamaliit sa mga estado sa pangunahing lupain. Ang kabiserang siyudad ng Victoria ay Melbourne. Marami sa mga magagandang gusali sa Victoria ay itinayo mula sa yaman na dulot ng pagmimina ng ginto noong 1850. Kabilang sa mga simbolo ng Victoria ang Melbourne Cricket Ground, ang 12 Apostol, at ang Royal Exhibition Building.



Ang **Queensland** ang pangalawang pinakamalaking estado. Ang kabiserang siyudad ng Queensland ay Brisbane. Ang Mga Torres Strait Island ay nasa hilaga ng estado at ang tanyag sa mundong Great Barrier Reef ay bumabaybay sa silangang baybayin nito. Ang Queensland ay may mga tropikong kagubatan, mga baybaying lugar na may kainamang klima, at madalas ay tuyot na malayo sa aplayang lupain.



Ang **Western Australia** ang pinakamalaking estado. Ang Perth ang kabiserang-siyudad of Western Australia. Ang silangang bahagi ng estado ay halos disyerto, samantalang ang katimugang-kanluran nito ay mayaman sa agrikultura at pananim sa paggawa ng alak. Ang estado ay lugar na may maraming mga proyektong pangminahan. Kabilang sa mga simbolo ng Western Australia ay ang Baybayin ng Ningaloo, Ilog ng Margaret, at rehiyon ng Kimberley.



Ang **South Australia** ay may iregular na baybayin at mga tanyag na lugar sa paggawa ng alak. Ang Adelaide, na ang kabiserang-siyudad, ay may maraming mga halimbawa ng magagandang arkitekturang pangkolonyal. Kabilang sa mga simbolo ng South Australia ang Lambak ng Barossa at Mga Bulubundukin ng Flinders.



Ang **Tasmania** ang pinakamaliit na estado, nahiwalay sa pangunahing lupain sa pamamagitan ng Bass Strait. Ang kabiserang siyudad ng Tasmania ay Hobart. Halos ang buong isla ay may mga tanawin ng kasukalang wala pang sira. Kabilang sa mga simbolo ng Tasmania ang Bundok ng Cradle, ng Port Arthur, at ang Bay of Fires.



Mga teritoryo

Ang **Australian Capital Territory** ay nasa pagitan ng Sydney at Melbourne. Ito ang tahanan ng kabiserang-siyudad ng bansa, ang Canberra. Ang Canberra ay kinaroroonan ng mga mahalagang institusyong pambansa, tulad ng Parlamento ng Australia at ang Mataas na Hukuman ng Australia.



Sa **Northern Territory** ay may tropikong kapaligiran sa hilaga ng estado at disyertong pulang lupa sa timog. Ang Darwin ang kabiserang-siyudad. Kabilang sa mga simbolo ng Northern Territory ang Uluru, Kata Tjuta at Kings Canyon.





Mga tradisyon

Ang mga protocol ng Welcome to Country at Acknowledgement of Country

Ang Welcome to Country ay isang gawing kultural na isinasagawa ng Katutubo o taong mula sa Torres Strait Island na tagapag-ingat (custodian) na lokal na rehiyon, na siyang malugod na bumabati sa mga dumarating na bisita sa kanilang tradisyonal na lupain. Tradisyonal itong isinasagawa upang masiguro na ang mga bisita ay may ligtas at protektadong paglalakbay sa panahong naroroon sila sa lupaing iyon.

Ang Welcome to Country ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng maraming anyo, kabilang ang mga kanta, sayaw, mga seremonyang pagpapa-usok o mga talumpati sa tradisyonal na wika o sa Ingles.

Ang Welcome to Country ay karaniwang unang item sa mga proceeding sa pagbubukas ng isang kaganapan.

Ang Acknowledgement of Country (Pagkilala ng Bansa) ay isang oportunidad upang kilalanin na ang pagtitipon ay nasa lupain ng Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island; magbigay-galang sa mga Tradisyonal na Tagapag-ingat, lalong lalo na ang mga Nakakatanda noon at ngayon; at magbigay-galang sa mga dumalong Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island.

Ang Acknowledgement of Country ay karaniwang binibigkas bilang bahagi ng Welcome and Housekeeping (Maligayang Pagdating at Pagsasaayos ng Tahanan) sa mga pagpupulong at kaganapan. Kahit sino ay makakabigkas ng isang Acknowledgement of Country. Sa mga pagpupulong/kaganapan, ito ay karaniwang isinasagawa ng Tagapangulo o Master ng Seremonya.

Ang mga gawing ito ay isinasagawa upang magpakita ng paggalang sa Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island.



Mga mahalagang araw para sa mga Australiano

Araw ng Australia

Tuwing ika-26 ng Enero taun-taon, ating pinagdiriwang ang Araw ng Australia. Ang Araw ng Australia ay isang pista opisyal sa bawat estado at teritoryo sa Australia. Ito ang anibersaryo ng pagdating ng Unang Plota mula sa Dakilang Britanya noong 1788.

Sa Araw ng Australia, ang mga komunidad sa buong Australia ay nagninilaynilay sa ating kasaysayan, at sa mga taong umambag sa tagumpay nating lahat. Ito ay pinakamalaking taunang pampublikong pista opisyal sa Australia.

Ang Araw ng Australia ay tungkol sa pagkilala at pagdiwang sa kontribusyon na ginagawa ng bawat Australiano sa ating kontemporaryo at palagiang nagbabagong nasyon: mula sa ating Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island — na narito na nang humigit-kumulang 65,000 taon — sa mga taong nakatira na dito nang ilang henerasyon, at yaong nanggaling sa kahit saanmang sulok ng mundo upang tawaging tahanan ang ating bansa. Ang Araw ng Australia ay ipinagdiriwang sa buong bansa, kasama ang pagdaraos ng seremonya ng pagkakamamamayan.

Sa mga pagdiriwang ng Araw ng Australia, ipinapahayag ng Punong Ministro ang mga Gantimpala sa Australiano ng Taon sa Canberra.

Araw ng ANZAC

Ang Araw ng ANZAC ay ipinagdiriwang tuwing ika-25 ng Abril taun-taon. Ang Araw ng ANZAC ay ipinangalan sa Australian and New Zealand Army Corps, na lumapag sa Gallipoli sa Türkiye sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig noong ika-25 ng Abril 1915.

Ang Araw ng Anzac ay isang mataimtim na araw na ating inaalaala ang sakripisyo ng lahat ng Australianong lumaban at namatay sa digmaan. Pinararangalan din natin ang katapangan at pagtatalaga sa sarili ng lahat ng mga sundalong lalaki at babae at nagninilaynilay tayo sa maraming magkakaibang kahulugan ng digmaan.

Ang impormasyon tungkol sa iba pang mahahalagang araw na pambansa at mga pagdiriwang ay maaaring matagpuan sa *Ika-5 Bahagi, Ang Australia ngayon*.

Mga bandila ng Australia

Ang Pambansang Bandila ng Australia ay ang opisyal na bandila ng ating nasyon. Ang iba pang mga bandila na opisyal na kinikilala at maaaring iwagayway sa komunidad ay kinabibilangan ng Katutubong Bandila ng Australia at ang Bandila ng Torres Strait Islander.

Ang bawat estado at teritoryo ay may kaniyang sariling bandila, na maaaring makita sa pahina 11.

Ang Pambansang Bandila ng Australia

Ang Pambansang Bandila ng Australia ay bughaw, puti at pula.

- Ang 'Union Jack', na bandila ng United Kingdom ay nasa ibabaw sa kaliwang sulok. Ito ay kumakatawan sa ating kasaysayan ng paninirahan ng mga taong galing sa Britanya at ang mga batas at mga institusyon na ating namana bilang resulta nito.
- Ang Bituin ng Komonwelt ay nasa ilalim ng Union Jack. Ang bituin na ito ay may pitong puntos, na ang bawat ay kumakatawan sa isa sa anim na estado at isa para sa mga teritoryo.
- Ang Krus sa Katimugan, na nasa kanan, ay isang grupo ng mga bituin na makikita sa timog kalangitan.



Ang Katutubong Bandila ng Australia

Ang Katutubong Bandila ng Australia ay itim, pula at dilaw.

- Ang kalahating ibabaw ay itim at kumakatawan sa mga katutubong tao ng Australia.
- Ang kalahating ilalim ay pula at kumakatawan sa lupa, na may panseremonyang kahulugan.
- Ang dilaw na bilog ay kumakatawan sa araw.



Ang Bandila ng Torres Strait Islander

Ang Bandila ng Torres Strait Islander ay luntian, bughaw, itim at puti.

- Ang mga luntiang guhit ay kumakatawan sa lupa.
- Ang bughaw na entrepangyong sa gitna ay kumakatawan sa dagat.
- Ang itim na linya ay kumakatawan sa mga taong mula sa Torres Strait Island.
- Ang puting korona ng mananayaw sa gitna ay isang simbolo para sa lahat ng mga taong mula sa Torres Strait Island.
- Ang mga puntos ng puting bituin ay kumakatawan sa grupo ng mga isla sa Torres Strait, at ang kulay na puti ay sumisimbolo ng kapayapaan.



Mga simbolo ng Australia

Ang Eskudo ng Komonwelt

Ang Eskudo ng Komonwelt ay ang opisyal na simbolo ng Komonwelt ng Australia. Ito ay kumakatawan sa ating pambansang pagkakaisa. Palatandaan ito ng awtoridad at propyedad ng Komonwelt ng Australia.

- Ang kalasag sa gitna ay kumakatawan sa anim na estado at pederasyon.
- Isang kangaroo at emu ang suporta ng kalasag sa bawat tabi. Ang dalawa ay mga katutubong hayop ng Australia.
- Ang gintong Bituin ng Komonwelt ay nakaupo sa ibabaw ng kalasag.
- Ang likuran ay ang ginintuang wattle, ang pambansang bulaklak ng Australia.



Pambansang bulaklak ng Australia

Ang pambansang bulaklak ng Australia ay ang ginintuang wattle (bulaklak ng puno ng akasyang Australiano). Ang maliit na punong ito ay karaniwang lumalaki sa Timog-silangang Australia. Mayroon itong matingkad na luntiang dahon at maraming ginintuang dilaw na bulaklak tuwing tagsibol. Ang bawat estado at teritoryo ng Australia ay may kanya-kanyang sariling sagisag na bulaklak.



Mga pambansang kulay ng Australia

Ang mga pambansang kulay ng Australia ay luntian at ginto—ang mga kulay ng ginintuang wattle. Ang uniporme ng ating pambansang koponan ng mga manlalaro ay karaniwang kulay luntian at ginto.



Ang pambansang hiyas na bato ng Australia

Ang opal ay pambansang hiyas na bato ng Australia. Ayon sa Katutubong alamat, isang bahaghari ang dumampi sa lupa at gumawa ng mga kulay ng opal.



Pambansang awit ng Australia

Ang 'Advance Australia Fair' ang pambansang awit ng Australia. Inaawit ito sa mga okasyong mahalaga sa bansa, kabilang ang sa mga seremonya ng pagkamamamayang Australiano at mga malalaking kaganapang palaro.



Advance Australia Fair

*Australians all let us rejoice,
For we are one and free;
We've golden soil and wealth for toil;
Our home is girt by sea;
Our land abounds in nature's gifts
Of beauty rich and rare;
In history's page, let every stage
Advance Australia Fair.
In joyful strains then let us sing,
Advance Australia Fair.*

*Beneath our radiant Southern Cross
We'll toil with hearts and hands;
To make this Commonwealth of ours
Renowned of all the lands;
For those who've come across the seas
We've boundless plains to share;
With courage let us all combine
To Advance Australia Fair.
In joyful strains then let us sing,
Advance Australia Fair.*



IKALAWANG BAHAGI

Mga demokratikong
paniniwala, karapatan
at kalayaan ng Australia

Mga demokratikong paniniwala, karapatan at kalayaan ng Australia

Sa seremonya ng pagkamamamayan, ipapangako ninyo na makikibahagi kayo sa mga demokratikong paniniwala ng Australia at iginagalang ninyo ang mga karapatan at kalayaan nito. Napakahalaga na maunawaan ninyo ang mga demokratikong paniniwala ng Australia, at ang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ng lahat ng mga Australiano.

Ang bahaging ito ng booklet ay naglilista sa mga paniniwala, karapatan at kalayaang ito. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Ika-4 na Bahagi, Ang mga pinapahalagahan ng Australia*

Ang ating mga demokratikong paniniwala

Demokrasyang Parlamentaryo

Ang sistema ng pamahalaan ng Australia ay isang demokrasyang parlamentaryo. Bilang bahagi ng sistemang ito, ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nanggagaling sa mga mamamayang Australiano dahil ang mga mamamayang Australiano ay bumuboto sa mga taong kakatawan sa kanila sa parlamento. Ang mga kinatawan sa parlamento ay dapat managot sa mga mamamayan, sa pamamagitan ng eleksiyon, sa kanilang mga desisyong ginagawa.

Ang Paghahari ng Batas

Ang lahat ng mga Australiano ay pantay sa ilalim ng batas. Ang Paghahari ng Batas ay nangangahulugang walang sinumang tao, grupo o relihiyon ang mas tataas pa sa batas. Ang lahat, kabilang ang mga taong may mga posisyon ng kapangyarihan sa komunidad ng Australia ay dapat na sumunod sa mga batas ng Australia. Kabilang dito ang mga lider ng pamahalaan, komunidad at mga relihiyon, gayon din ang mga negosyante at ang pulisya.

Mamuhay ng mapayapa

Ikinararangal ng mga Australiano na namumuhay sa isang mapayapang bansa na may matibay na sistema ng pamahalaan. Naniniwala ang mga Australiano na ang pagbabago ay nararapat mangyari sa pamamagitan ng pakikipag-usap, ng mapayapang paghihikayat, at sa paraang demokratiko. Inaayawan natin ang karahasan bilang isang paraan upang baguhin ang pag-iisip ng isang tao o ng batas.

Paggalang sa lahat ng mga indibidwal kahit anuman ang pinanggalingan

Ang demokratikong sistema ng Australia ay base sa paniniwala na bawat indibidwal, anuman ang kanilang kinagisnan, ay may mga karapatan at pantay-pantay sa ilalim ng mga batas ng Australia. Inaasahang ang lahat ng mga Australiano ay tatratin ang bawat isa na may karangalan at paggalang, kahit anupaman ang kanilang lahi, bansang pinanggalingan, kasarian, pagtatanging sekswal, estadong pangmatrimonyal, edad, kapansanan, pamana, kultura, pulitika, kayamanan o relihiyon.



Ang ating mga kalayaan

Kalayaang magsalita at kalayaang magpahayag

Ang kalayaang magsalita ay pinapahalagahan ng mga Australiano at sumusuporta sa ating demokratikong sistema. Ang kalayaang magsalita ay nangangahulugang pinapayagang magsalita at magsulat ang mga tao ng kanilang iniisip, at pag-usapan ang kanilang mga ideya sa iba. Halimbawa, ang mga tao ay maaaring pumuna sa pamahalaan, magprotesta nang mapayapa laban sa mga desisyon ng pamahalaan at magkampanya upang palitan ang mga batas, basta't sumusunod sila sa mga batas ng Australia sa lahat ng oras.

Ang kalayaang magpahayag ay nangangahulugang naipapahiwatig ng mga tao ang kanilang mga pananaw, sa pamamagitan ng sining, pelikula, musika at literatura. Malaya tayong makipagtagpo sa mga tao sa publiko o sa pribadong lugar para pag-usapan ang mga bagay na panlipunan o pampulitika.

Sa lahat ng panahon, kahit na nagsasagawa ng mga bagay na may kinalaman sa kalayaang magsalita at kalayaang magpahayag, kailangang sundin ang mga batas ng Australia. Dapat din natin na igalang ang kalayaan ng iba na magsalita at magpahayag.

Kalayaang sumapi sa asosyasyon

Ang kalayaang sumapi sa asosasyon ay karapatan upang bumuo at sumali sa mga asosasyon upang magpursige sa mga karaniwang hangarin. Halimbawa, sa Australia ang mga tao ay malayang umanib sa anumang legal na organisasyon, tulad ng partidong pampulitika, unyon ng mga manggagawa, grupong panrelihiyon, pangkultura o panlipunan. Maaari ring hindi sumali ang mga tao, at hindi maaaring pilitin ang mga tao na sumali.

Ang mga Australiano ay maaaring makipagtipon sa iba upang magprotesta laban sa aksiyon ng pamahalaan o isang organisasyon. Gayunpaman, kailangang sundin ang mga batas ng Australia sa lahat ng panahon. Ito'y nangangahulugan na ang mga ganitong pagtitipon ay dapat maging mapayapa, at hindi mananakit ng isang tao o maninira ng propyedad.

Kalayaan ng relihiyon

Ang Australia ay may pamanang Hudyo-Kristiyano, at maraming mga Australiano ang tumuturing sa sarili bilang mga Kristiyano, subalit may mga tao sa Australia na mula sa lahat ng mga malalaking relihiyon. Mayroong mga pista opisyal ang Australia sa mga araw ng Kristiyano tulad ng Biyernes Santo, Linggo ng Pagkabuhay na Muli at Araw ng Pasko.

Tinatrato ng pamahalaan at batas ang lahat ng mamamayan na pantay-pantay, kahit anupaman ang kanilang mga relihiyon o paniniwala. Ang gobyerno sa Australia ay sekular, na ang ibig sabihin ay pinapalakad ang gobyerno hiwalay sa mga simbahan at iba pang relihiyon. Ang Australia ay walang pambansang relihiyon. Ang mga tao sa Australia ay malayang sumunod sa kahit anumang relihiyon pinili nila. Maaari rin nilang piliing hindi sumunod sa isang relihiyon.

Sa lahat ng panahon, kahit na nagsasagawa ng mga bagay na may kinalaman sa mga kaugaliang panrelihiyon, kailangang sundin ang mga batas ng Australia. Kung mayroong hindi pagkakasundo sa pagitan ng batas ng Australia at isang relihiyon, mananaig ang batas ng Australia.

Ang ating mga pagkakapantay-pantay

Mayroong ilang mga batas sa Australia na tinitiyak na ang isang tao ay hindi maaaring tratuhin ng di pareho sa iba dahil sa kanilang kasarian, lahi, kapansanan o edad.

Pagkakapantay-pantay ng kasarian

Ang mga lalaki at babae ay may parehong mga karapatan sa Australia. Labag sa batas na itangi ang isang tao dahil sa kanilang kasarian.

Pagkakapantay-pantay sa pagkakataon at 'fair go' (pantay na pagkakataon)

Pinapahalagahan ng mga Australiano ang pagkakapantay-pantay ng oportunidad sa ating lipunan; na kadalasang tinatawag na 'fair go'. Nangangahulugan ito na kung ano ang naabot ng isa sa kaniyang buhay ay dapat resulta ng kaniyang mga talento, trabaho at pagsisikap, sa halip na dahil sa kaniyang yaman o pinanggalingan. Ito ay upang masiguro na walang mga pormal na antas ng pamumuhay (class distinction) sa lipunan ng Australia.

Mga responsibilidad at pribiliheyo ng pagkamamamayang Australiano

Sa oras na kayo'y magiging mamamayang Australiano, magkakaroon kayo ng dagdag na mga responsibilidad at pribiliheyo.

Mga responsibilidad—mga bagay na ibibigay mo sa Australia

Bilang mamamayang Australiano, dapat kang:

- sumunod sa mga batas ng Australia
- bumoto sa mga eleksiyong pederal at estado o teritoryo, at sa reperendum
- ipagtanggol ang Australia kung kinakailangan
- magsilbi sa panghukumang lupong tagahatol (jury) kapag naatasan.

Mga pribiliheyo—mga bagay na ibibigay sa iyo ng Australia

Bilang mamamayang Australiano, maaari kang:

- bumoto sa mga eleksiyong pederal at estado o teritoryo, at sa reperendum
- mag-aplay upang ang mga batang ipinanganak sa ibang bansa ay magiging mga mamamayang Australiano dahil sa kanilang magulang
- mag-aplay ng trabaho sa Serbisyong Pangpubliko ng Australia (Australian Public Service) o sa Hukbong Tanggulan ng Australia (Australian Defence Force)
- maging kandidato sa halalan para sa parlamento
- mag-aplay ng pasaporteng Australiano at pumasok na muli nang malaya sa Australia
- humingi ng tulong konsular sa isang opisyal na Australiano habang nasa ibang bansa



Mga responsibilidad

Sundin ang mga batas ng Australia

Ang ating mga kinatawan sa pamahalaan ay gumagawa ng batas upang mapanatili ang isang maayos, malaya at ligtas na lipunan at protektahan ang ating mga karapatan. Ang lahat ng mga mamamayang Australiano at iba pang tao sa Australia ay kailangang sumunod sa mga batas ng Australia.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa ilang mahahalagang batas ng Australia ay matatagpuan sa *Ika-3 Bahagi, Ang pamahalaan at batas sa Australia*.

Bumoto sa mga eleksiyong pederal at estado o teritoryo, at sa reperendum

Ang pagboto ay isang mahalagang responsibilidad, karapatan at pribiliheyo para sa lahat ng mga mamamayang Australiano na may edad 18 na taon o higit pa.

Responsibilidad ng mga mamamayang Australiano na edad 18 taon o mas higit pa na bumoto sa mga eleksiyong pederal at estado o teritoryo, at sa reperendum, na isang pagboto upang baguhin ang Konstitusyon ng Australia. Sa paggawa nito, ang mga mamamayang Australiano ay may bahagi sa kung papaano pinamamahalaan ang Australia at tumutulong sa hinaharap nito.

Ang pagboto sa mga eleksiyong pederal at estado o teritoryo ng Australia ay sapilitan. Ang pagboto sa eleksiyon ng lokal na pamahalaan ay maaaring hindi sapilitan sa ilang mga estado.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Konstitusyon ng Australia ay matatagpuan sa *Ika-3 Bahagi, Ang pamahalaan at batas ng Australia*.

Ipagtanggol ang Australia kung kinakailangan

Bagama't ang serbisyo sa Hukbong Tanggulan ng Australia ay boluntaryo, responsibilidad ng mga mamamayang Australiano na ipagtanggol ang Australia. Mahalagang lahat ng mga mamamayang Australiano ay magtalaga sa sariling sumama sa pagtatanggol ng bansa at ang kinaugalian nitong pamumuhay kung kinakailangan.

Magsilbi sa panghukumang lupong tagahatol kapag naatasan

Ang pagsilbi sa panghukumang lupong tagahatol (jury), kung hiniling, ay isang responsibilidad para sa mga mamamayang Australiano na may edad na 18 taon o mas higit pa. Ang panghukumang lupong tagahatol ay isang grupo ng mga pangkaraniwang lalaki at babaing Australiano na nakikinig sa ebidensiya ng isang kaso sa hukuman at nagpapasiya kung ang isang tao ay may kasalanan o wala.

Kahit sinong mamamayang Australiano na nasa rehistro ng eleksiyon ay maaaring tawaging magsilbi sa isang panghukumang lupong tagahatol. Ang pagsilbi sa panghukumang lupong tagahatol ay nakapagtitiyak na ang sistema ng hukuman ay hayag at makatarungan.

Mga pribiliheyo

Mag-aplay para sa trabaho sa Serbisyong Pampubliko ng Australia (Australian Public Service) at sa Hukbong Tanggulan ng Australia (Australian Defence Force)

Ang isang pribiliheyo ng isang mamamayang Australiano ay ang makapag-aplay para sa trabaho sa Serbisyong Pampubliko ng Australia (Australian Public Service) at magtrabaho para sa Pamahalaan ng Australia, halimbawa, sa Services Australia, o sa Australian Taxation Office (ATO).

Ang mga mamamayang Australiano ay may karapatan ding mag-aplay para sa isang trabaho sa Hukbong Tanggulan ng Australia (ang Hukbo, Hukbong Pandagat at Hukbong Panghimpapawid).

Kumandidato sa eleksiyon sa parlamento

Ang mga mamamayang Australiano na may edad 18 taon o mas higit pa, at hindi mamamayan ng dalawang bansa (dual citizen), ay maaaring kumandidato sa eleksiyon sa parlamento sa lebel ng pederal, estado o teritoryo. Kapwa isang karangalan at mahalagang responsibilidad ang magsilbi sa parlamento ng Australia.

Mag-aplay ng pasaporteng Australiano at pumasok na muli nang malaya sa Australia

Sa oras na kayo ay nagging mamamayang Australiano, mayroon kayong karapatang mamuhay nang malaya sa Australia. Kayo ay may pribiliheyo rin upang mag-aplay para sa pasaporteng Australiano. Kung maglalakbay kayo sa ibayong dagat bilang isang mamamayang Australiano, malaya kayong magbiyahe sa ibang bansa at bumalik sa Australia.

Tumanggap ng tulong sa isang opisyal na Australiano habang nasa ibang bansa

Sa karamihang bansa, ang Australia ay mayroong embahada, mataas na komisyon o konsulado. Habang kayo ay nasa ibang bansa, maaari kayong humingi ng tulong sa isang opisyal ng pamahalaan ng Australia sa mga oras ng pangangailangan. Kabilang dito ang mga pangkagipitang pangangailangan tulad ng kaguluhang sibil at mga kapahamakang pangkalikasan.

Ang mga opisyal ng Australia ay maaari ring tumulong sa mga mamamayang Australiano na nasa ibang bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng pasaporteng pangkagipitan, at mag-alay ng payo at suporta sa kaso ng aksidente, malubhang pagkakasakit o kamatayan.

Kung nasa ibang bansa, kailangan ninyong sumunod sa batas ng bansang ito.

Mag-aplay upang ang mga batang ipinanganak sa ibang bansa ay magiging mga mamamayang Australiano dahil sa kanilang magulang

Maaaring mag-aplay ang mga mamamayang Australiano upang ang kanilang anak na ipinanganak sa ibang bansa ay magiging mamamayang Australiano dahil sa kanilang magulang.

Paglahok sa lipunang Australiano

Hinihimok ng Australia ang lahat ng mga mamamayan nito na aktibong lumahok sa lipunan. Ang mga aktibong mamamayan ay tumatanggap sa responsibilidad at pribiliheyo ng paghubog sa hinaharap ng Australia. Halimbawa, maaari kayong sumapi sa mga organisasyon ng pamayanan at lokal na komunidad, magboluntaryong magsagawa ng mga trabahong panlipunan at pangkomunidad, sumali sa mga organisasyong pansining o pangkultura, at aktibong lumahok sa pampulitikang buhay.

Ang pagbabayad ng buwis ay isa pang mahalagang paraan upang deretso kayong makapagbigay ng kontribusyon sa komunidad na Australiano at inaatas rin ito ng batas. Ang buwis ay ibinabayad sa bawat salaping kinikita ninyo, maging ito man ay mula sa trabaho, sa negosyo o sa mga pamumuhunan, at kinokolekta ito ng ATO. Mayroon ding buwis ang mga bagay at serbisyo. Sinisiguro ng ATO na ang lahat ng mga mamamayan ay nauunawaan ang kanilang karapatang pambuwis at mga obligasyon sa pagbabayad ng wastong halaga ng buwis.

Marami sa mga pakinabang na tinatamasa ng mga Australiano ay posibleng naibibigay dahil sa mga buwis. Ang mga buwis ay ginugugol sa mga serbisyo kabilang ang pangangalaga ng kalusugan at edukasyon na pinopondohan ng pamahalaan, pagtatanggol ng bansa, mga kalsada at daang riles, at segurong panlipunan.

Sa pamamagitan ng pagtrabaho at pagbabayad ng buwis, sinusuportahan ninyo ang pamahalaan na makapag-alay ng ganitong mga mahahalagang serbisyo sa komunidad na Australiano. Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo at mga lokal na konseho ay nangongolekta rin ng mga buwis na pambayad sa mga serbisyo. Ang mga serbisyong ito ang dahilan kung bakit mapayapa at mayamang bansa ang Australia ngayon.



IKATLONG BAHAGI

Ang pamahalaan at batas ng Australia

Ang pamahalaan at batas ng Australia

Sa seremonya ng pagkamamamayan, kayo ay mangangako na itataguyod at susundin ang mga batas ng Australia. Ang sistema ng pamahalaan ng Australia ay isang demokrasyang parlamentaryo. Mahalaga na maunawaan ninyo ang sistema ng pamahalaan, kung papaano ang mga batas ay ginagawa sa ating demokrasyang parlamentaryo at papaanong ang mga batas ay inilalapat. Mahalaga rin na maunawaan ninyo, bilang isang mamamayan, kung papaano kayo magkakaroon ng bahagi sa pagpapalakad ng ating bansa.

Papaano ako magkakabahagi?

Pagboto

Alinsunod sa balangkas sa Ika-2 Bahagi, sa Australia, ang mga mamamayang may edad na 18 taon o mas higit pa ay kailangang magparehistro sa eleksiyong pederal, estado at teritoryo at mga reperendum sa pagbabago ng konstitusyon.

Sa demokrasyang parlamentaryo ng Australia, ang mga mamamayan ay mayroong bahagi sa kung paano pinamamahalaan ang Australia sa pamamagitan ng pagboto sa taong kakatawan sa kanila sa parlamentaryo. Kung naitala ka nang hindi wasto, hindi ka makakaboto sa eleksiyon.

Sapilitan ang pagboto sa mga eleksiyon ng Australia, o kung may mga reperendum sa pagbabago ng konstitusyon.

Ang Australian Electoral Commission (AEC, Komisyon ng Halalan ng Australia) ay ang ahensya ng Komonwelt na may pananagutan sa pagsasagawa ng mga eleksiyong pederal at mga reperendum, at sa pagpapanatili sa talaan ng mga botante sa Komonwelt. Ito ay nagsasarili sa pamahalaan. Ang mga partidong pampulitika o mga tao sa pamahalaan ay hindi maaaring makapag-impluwensiya sa mga desisyon ng AEC.

Sa Australia, ang pagboto sa eleksiyon ay sa pamamagitan ng mga balotang sekreto, kaya kayo ay malaya at ligtas na bumoto sa sinumang kandidato. Walang sinuman ang pahihintulutan na malaman kung kanino kayo bumoto, maliban kung pinili ninyong sabihin ito sa kanila. Kung hindi kayo bumoto sa isang eleksiyon, at wala kayong magaling na dahilan para hindi bumoto, maaaring magbabayad kayo ng multa. Ang sapilitang pagboto ay isang paraan ng pagtitiyak na ang mga taong ay bahagi sa desisyon kung sino ang mamamahala at kakatawan sa kanila sa parlamento.

Pagpapahiwatig ng mga bagay sa inyong kinatawan

Ang mga mamamayang Australiano ay maaaring makakontak sa inihalal nilang kinatawan upang iparating ang mga ikinababahala nila tungkol sa patakaran ng pamahalaan. Sa ganitong paraan, ang lahat ng mga Australiano ay nagkakaroon ng bahagi sa paggawa ng mga batas at mga patakaran ng isang pamahalaan. Kung sasabihin ng isang mamamayan sa kaniyang inihalal na kinatawan na kailangang baguhin ang isang batas, dapat isaalang-alang ng kinatawan ang iminungkahi.

Papaano natin itinatag ang ating sistema ng pamahalaan?

Pederasyon

Pagkatapos ng paninirahan ng mga taong galing sa Britanya at bago ang taong 1901, ang Australia ay binubuo ng anim na magkakahiwalay at nagsasariling mga kolonya ng Britanya.

Ang bawat kolonya ay may sariling konstitusyon at sariling batas na kaugnay sa pagtatanggol, imigrasyon, koreo, kalakalan at transportasyon. Subalit, lumikha ito ng mga suliranin sa pagitan ng mga kolonya. Halimbawa, ang pangangalakal at transportasyon sa pagitan ng mga kolonya ay magastos at mabagal, at mahirap ang pagpapatupad ng batas patawid sa mga border. Napakahirap ang pagpapasunod ng batas pagtawid sa mga hangganan.

Bilang resulta, ginusto ng mga tao na pagsamahin ang mga kolonya upang bumuo ng isang bansa. Lalong mahalaga, ang pambansang pagkakilanlan sa Australia ay nagsisimulang mabuo. Ang mga koponang palaro ay kumakatawan sa Australia sa labas ng bansa at ang kulturang Australiano ay nabubuo sa mga sikat na kanta, mga tula, kwento at sining.

Napakahirap na tungkulin ang pag-isahin ang bansa, subalit sa pagtakbo ng panahon, ang ideya ng isang bansang Australiano ay nagkatotoo. Noong Enero 1, 1901, ang mga kolonya ay nagkaisa na maging isang pederasyon ng mga estado na tinawag na Komonwelt ng Australia.

Ang Konstitusyon ng Australia

Ang *Commonwealth of Australia Constitution Act 1900* (Konstitusyon ng Komonwelt ng Australia Batas 1900) ay ang dokumentong legal na nagtatakda ng saligang patakaran para sa pamahalaan ng Australia. Ang Konstitusyon ng Australia ay orihinal na inaprubahan bilang bahagi ng isang Batas ng Parlamento ng Britanya noong 1900. Noong Enero 1, 1901, ang Konstitusyon ng Australia ay maging epektibo, at ang mga kolonyang Australiano ay naging isang nagsasariling nasyon: ang Komonwelt ng Australia.

Ang Konstitusyon ng Australia ang nagtatag sa Parlamento ng Komonwelt ng Australia, na binubuo ng Lupon ng mga Kinatawan at ng Senado. Ang Konstitusyon ay nagtatag din sa Mataas na Hukuman ng Australia, na siyang may kapangyarihang maglapat at mag-interpretar ng mga batas ng Australia.

Maaaring baguhin ng mga mamamayan ng Australia ang Konstitusyon ng Australia sa pamamagitan ng pagboto sa isang reperendum, katulad ng Reperendum sa 1967 kung saan higit sa 90 porsiyento ng mga Australiano ay bumoto ng 'Oo' upang pahintulutan ang mga Katutubong tao na isamang bilangin sa Census.

Sa isang reperendum, kailangan ang 'dobleng mayoriya' para baguhin ang Konstitusyon ng Australia. Nangangahulugan ito na ang nakararaming mga botante sa nakararaming mga estado at nakararaming botante sa buong nasyon ay dapat na bumoto para sa pagbabago.



Ang Konstitusyon ng Australia

Papaano kinokontrol ang kapangyarihan ng pamahalaan?

Ang Konstitusyon ng Australia ay naghahati-hati sa kapangyarihan ng pamahalaan sa pagitan ng mga kapangyarihang gumawa ng batas (Parlamento), tagapangasiwa (halimbawa ang Punong Ministro at ang Gabinete) at panghustisya (mga huwes), upang pigilan ang isang tao, o isang grupo, na hawakan ang lahat ng kapangyarihan.

Kapangyarihang gumawa ng batas

Ang kapangyarihang gumawa ng batas ay kapangyarihang lumikha ng mga batas. Ang Parlamento ang may kapangyarihang gumawa at baguhin ang mga batas sa Australia. Binubuo ang Parlamento ng mga kinatawang inihalal ng mga mamamayan ng Australia.

Kapangyarihang mangasiwa

Ang kapangyarihang mangasiwa ay ang kapangyarihang ipatupad ang mga batas. Binubuo ang Tagapangasiwa ng Punong Ministro. Ang mga ministro ang may responsibilidad sa mga departamento ng pamahalaan.

Kapangyarihang panghustisya

Ang mga huwes ang may kapangyarihang mag-interpretar at maglapat ng batas. Ang mga hukuman at huwes ay may-kasarinlan sa parlamento at sa pamahalaan.

Ang mga kapangyarihang ito ay nakasulat sa Konstitusyon ng Australia.

Sino ang Pinuno ng Estado ng Australia?

Ang Pinuno ng Bansang Australya ay ang Hari ng Australya, ang Kanyang Kamahalan Hari Charles III.


Ang Hari ng Australya ang humihirang sa Gobernador-Heneral bilang kanyang kinatawan sa Australya, alinsunod sa payo mula sa Punong Ministro ng Australya. Ang Gobernador-Heneral ay nagsasariling kumikilos sa lahat ng mga partidong pampulitika. Ang Hari ay walang pang-araw-araw na ginagampanang papel sa pamahalaan.

Sa bawat estado ay mayroong isang gobernador na kumakatawan sa Hari na katumbas ng ginagampanang papel ng Gobernador-Heneral.

Pamahalaang makahari na ayon sa Konstitusyon

Ang Australya ay isang demokratikong monarkiya, na nangangahulugan na ang Hari ang siyang Pinuno ng Bansang Australya, subalit kumikilos siya alinsunod sa Konstitusyon. Dahil ang Hari ay hindi nakatira sa Australya, ang kanyang kapangyarihan niya ay itinalaga sa Gobernador-Heneral na nasa Australya.

Ang sistema ng Australia na parlamentong demokrasya ay sumasalamin sa mga tradisyon ng Britanya at Hilagang Amerika na pinagsama-sama sa paraang natatanging Australiano. Sa sistemang Australiano, ang lider ng Pamahalaan ng Australia ay ang Punong Ministro.



Ang Kanyang Kamahalan Hari Charles III

Ang bahaging ginampanan ng Gobernador-Heneral

Ang Gobernador-Heneral ay hindi bahagi ng pamahalaan at kailangang manatiling neutral.

Kabilang sa mga tungkuling ginagampanan ng Gobernador-Heneral ang:

- pumipirma sa lahat ng mga Panukalang-batas na inaprubahan ng Parlamento ng Australia upang maging batas (ito ay tinatawag na Pagsang-ayon ng Hari o Reyna –Royal Assent)
- gumaganap sa mga tungkuling panseremonya
- nag-aaprubang sa paghirang ng Pamahalaan ng Australia at mga ministro nito, mga huwes pederal at iba pang mga opisyal
- nagsisimula sa proseso para sa eleksiyong pederal
- kumikilos bilang Commander-in-Chief ng Hukbong Tanggulan ng Australia (Australian Defence Force).

Ang Gobernador-Heneral ay mayroong espesyal na kapangyarihan na tinatawag na 'kapangyarihang nakareserba' na maaaring gamitin lamang sa partikular na mga pangyayari.

Sino ang ilan sa mga lider ng Australia?

Pinuno ng Estado

Ang Hari ng Australya

Gobernador-Heneral

Ang kinatawan ng Pinuno ng Estado ng Australia

Gobernador

Ang kinatawan ng Pinuno ng Estado sa bawat estado ng Australia

Punong Ministro

Ang lider ng Pamahalaan ng Australia

Premyer

Ang lider ng pamahalaan ng estado

Pinunong Ministro

Ang lider ng pamahalaan ng teritoryo

Ministro ng pamahalaan

Isang Miyembro ng Parlamento na pinili ng isang lider ng pamahalaan upang maging responsable sa isang bahagi ng pamahalaan

Miyembro ng Parlamento (MP)

Isang inihalal na kinatawan ng mga mamamayan sa Parlamento ng Australia o sa parlamento ng estado

Senador

Isang inihalal na kinatawan ng estado o teritoryo sa Parlamento ng Australia

Meyor or Presidente ng Distrito

Ang lider ng lokal na pamahalaan

Konsehal

Isang inihalal na miyembro ng lokal na konseho

Paano pinamamahalaan ang Australia?

Ang Pamahalaan ng Australia

Ang Pamahalaan ng Australia ay tinatawag ding Pamahalaang Pederal o ang Pamahalaan ng Komonwelt. Ang Pamahalaan ay binubuo ng mga miyembro ng Parlamentong Australia, na may dalawang Kapulungan:

- ang Kapulungan ng mga Kinatawan
- ang Senado.

Sa eleksiyong pederal, ang mga mamamayang Australiano ay boboto upang ihalal ang mga kinatawan sa bawat Kapulungan ng Parlamento.

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay isa sa mga Kapulungan sa Parlamento ng Australia. Ang ibang mga pangalan ng Kapulungan ng mga Kinatawan ay Mababang Kapulungan o ang Kapulungan ng mga Mamamayan.

Nahahati ang Australia sa mga distrito ng mga botanteng pederal. Ang mga Miyembro ng Parlamento (mga MP) ay kumakatawan sa mga tao sa kanilang rehistro ng mga botante.

Ang bilang ng mga MP sa bawat estado at teritoryo ay batay sa bilang ng mga tao sa estado o teritoryong iyon. Sa pangkalahatan, may higit sa 150 miyembro ang hinahalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan.

Ang mga Miyembro ng Parlamento at mga senador ay nagdedebate sa mga panukala para sa mga bagong batas sa Parlamento ng Australia. Ang mahalagang gawain ng Kapulungan ng mga Kinatawan ay ang magsaalang-alang, magdebate at bumoto sa mga panukala para sa mga bagong batas o mga pagbabago sa batas, at talakayin ang mga bagay na mahalaga para sa bansa.



Ang Kapulungan ng mga Kinatawan

Ang Senado

Ang Senado ang iba pang Kapulungan sa Parlamento ng Australia. Ang Senado ay tinatawag kung minsan na Mataas na Kapulungan, ang Kapulungan ng Pagrerepaso o ang Kapulungan ng mga Estado. Ang mga botante ng bawat estado ay bumuboto rin ng mga senador upang kumatawan sa kanila sa Senado. Ang mga estado ay pantay-pantay na kinakatawan sa Senado, na walang pasasaalang-alang sa laki ng kanilang populasyon. May 76 senador sa kabuuan. Ang bawat estado ay naghahalal ng 12 senador, at ang Australian Capital Territory at Northern Territory ay naghahalal ng dalawang senador bawat isa.

Ang mga Senador ay nagsasaalang-alang, nagdedebate at bumuboto rin sa mga bagong batas o pagbabago sa batas, at nagtatalakay sa mga bagay na mahalaga para sa bansa.



Ang Senado

Ang pamahalaan ng estado at teritoryo

Mayroong anim na estado at dalawang teritoryo mula sa pangunahing lupain sa Australia. Ang bawat pamahalaan ng estado ay may kaniyang sariling parlamento at konstitusyon. Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo ay matatagpuan sa kanilang mga kabiserang siyudad. Ang lider ng pamahalaan ng estado ay ang Premyer at ang lider ng pamahalaan ng teritoryo ay ang Pinunong Ministro.

Ang mga pamahalaan ng estado ay gumagana katulad sa Pamahalaan ng Australya. Sa bawat estado, isang Gobernador ang kumakatawan sa Hari ng Australya. Sa Hilagang Teritoryo, isang Administrador ang hinihirang ng Gobernador- Heneral. Ang tungkulin at mga responsibilidad ng Administrador ay katulad ng sa Gobernador ng estado.

Ang mga estado ay may mga karapatan na kinikilala ng Konstitusyon habang ang mga teritoryo ay walang ganitong mga karapatan. Ang mga estado ay may kapangyarihang magpasa ng batas bilang karapatan nila subalit ang mga batas ng teritoryong namamahala sa sarili ay maaaring baguhin o bawiin ng Pamahalaan ng Australia sa anumang oras.

Sa mga eleksiyon ng estado at teritoryo, ang mga mamamayang Australiano ay bumuboto ng isang kinatawan para sa kanilang lugar. Ang mga kinatawang ito ay nagiging miyembro ng may-katuturang parlamento ng estado o teritoryo.

Pamahalaang lokal

Ang mga estado at ang Hilagang Teritoryo ay hinahati sa mga lugar ng pamahalaang lokal, na maaaring tawaging mga siyudad, distrito, bayan o munisipalidad. Ang bawat distrito ay mayroong sariling lokal na konseho. Ang mga konseho ay responsable sa pagpapalano at paghahatid ng mga serbisyo sa kanilang lokal na komunidad. Ang mga mamamayan sa bawat pamahalaang lokal ay bumuboto para sa kanilang mga lokal na konsehal.

Ano ang mga gawain ng tatlong antas ng pamahalaan?

Ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng tatlong antas ng pamahalaan ay yaong sa pangkalahatan, kahit na may overlap sa mga responsibilidad, iba't ibang uri ng serbisyo ang ibinibigay ng bawat antas ng pamahalaan.

Ang Pamahalaan ng Australia ay may tungkulin sa:

pagbubuwis
pamamahala ng pambansang ekonomiya
imigrasyon at pagkamamamayan
tulong sa pagtatrabaho
serbisyong pangkoreo at ang pangkomunikasyong network
segurong panlipunan (mga pensiyon at suportang pampamilya)
pagtatanggol
pangangalakal at komersiyo
mga paliparan ng eruplano at kaligtasan sa himpapawid
mga suliraning panlabas ng bansa (mga pakipag-ugnayan sa ibang bansa).

Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo ay pangunahing responsable sa:

serbisyong pang-ospital at pangkalusugan
mga iskwelahan
mga kalsada at daang riles
kagubatan
mga serbisyo ng pulis at ambulansiya
transportasyong pampubliko.

Ang mga pamahalaang lokal (at Pamahalaan ng Australian Capital Territory) ay responsable sa:

mga palatandaan sa kalsada, mga kontrol ng trapiko
mga lokal na kalsada, mga daanan ng tao, mga tulay
mga alkantariya
mga liwasan, palaruan, palanguyan, mga lupang panlaro
mga lupang pangkampo at mga liwasang pangkaraban
inspeksiyon ng pagkain at karne
kontrol ng ingay at hayop
koleksiyon ng basura
mga aklatang lokal, mga bulwagan at sentrong pangkomunidad
mga partikular na isyu tungkol sa pangangalaga ng bata at matanda
permiso para sa pagpapatayo ng gusali
pagpaplanong panlipunan
mga isyu ng lokal na kapaligiran.

Ano ang bahaging ginagampanan ng mga partidong pampulitika sa pamamahala ng pamahalaan ng Australia?

Ang isang partidong pampulitika ay isang grupo ng mga tao na may parehong pananaw kung papaano palalakaran ang pamahalaan. Sila ay kumikilos na magkakasama upang gawing batas ang mga pananaw ng partido. Ang mga pangunahing partidong pampulitika sa Australia ay ang Partido Liberal (Liberal Party), ang Partido ng mga Manggagawa ng Australia (Australian Labour Party), ang mga Pambansa (the Nationals) at ang Luntiang Australiano (Australian Greens).

Karamihan sa mga miyembro ng parlamento ay kabilang sa mga partidong pampulitika. Ang ilan ay hindi kasapi sa anumang partidong pampulitika, at tinatawag sila na mga 'independiyente'.

Sa Australia, malaya ang mga tao na sumanib sa isang partidong pampulitika kung pinili nila ito.

Papaano binubuo ang Pamahalaan ng Australia?

Pagkatapos ng eleksiyong pederal, ang Pamahalaan ng Australia ay binubuo sa pangkalahatan ng partido o koalisyon ng mga partido na may mayoriya ng mga miyembro sa Kapulungan ng mga Kinatawan. Ang lider ng partidong ito ang siyang magiging lider ng Pamahalaan ng Australia: ang Punong Ministro.

Pagkatapos ng eleksiyong pederal, ang partido o koalisyon ng mga partido na may susunod na pinakamaraming miyembro sa Kapulungan ng mga Kinatawan ay bubuo sa Oposisyon. Ang lider nito ay ang Lider ng Oposisyon.

Ang Punong Ministro ang magrerekomenda sa mga miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan o mga Senador upang maging mga ministro sa Pamahalaan ng Australia. Ang Governor-General ang nag-aaprubang sa paghirang ng Prime Minister at mga ministro.

Ang mga ministro ng pamahalaan ay responsable sa mahalagang sangay ng pamahalaan (tinatawag na portpolyo), tulad ng paghahanapbuhay, mga suliraning Pangkatutubo o ng Pongong Pananalapi. Ang mga ministro na may pinakamahalagang portpolyo ang bumubuo ng Gabinete, na siyang lupon na gumagawa ng mga pangunahing desisyon para sa pamahalaan.

Papaano ginagawa ang mga batas?

Ang Parlamento ng Australia ang may kapangyarihan upang gumawa o baguhin ang mga batas sa Australia para sa kabutihan ng bansa.

Kung ang miyembro ng Parlamento ng Australia ay nagpapanukala ng bagong batas o pagbabago sa isang umiiral na batas, ang panukalang ito ay tinatawag na 'Panukalang-batas'.

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan at Senado ay nagsasaalang-alang, nagdedebate at bumoboto kung sila ay sang-ayon sa Panukalang-batas.

Kung ang nakararaming miyembro ng bawat Kapulungan ng Parlamento ay sang-ayon sa Panukalang-batas, ito ay dadalhin sa Gobernador-Heneral.

Pipirmahan ng Gobernador-Heneral ang Panukalang-batas upang maging batas ito. Tinatawag itong Pagsang-ayon ng Hari o Reyna (Royal Assent).

Ang mga parlamento ng estado at teritoryo ay gumagawa ng kanilang mga batas sa katumbas na paraan.



Papaano ipinapatupad ang mga batas?

Ang mga hukuman

Ang mga hukuman sa Australia ay may-kasarinlan. Ang hukuman ang magdedesisyon kung ang isang tao ay lumabag o hindi sa batas at sa parusang dapat na ilapat. Ang mga hukuman ay ibabatay lamang ang kanilang mga desisyon sa ebidensiyang iniharap sa kanila.

Mga huwes at mahistrados

Ang huwes o mahistrado ang siyang pinakamataas na awtoridad sa loob ng hukuman. Sila ay may-kasarinlan at walang sinuman ang maaaring magsabi sa kanila kung ano ang dapat nilang gawing desisyon.

Ang mga huwes at mahistrado ay hinirang ng pamahalaan, subalit hindi sila maaaring tanggalin ng pamahalaan sa kanilang mga posisyon kung ito ay hindi sang-ayon sa kanilang mga desisyon.

Mga panghukumang lupong tagahatol (jury)

Sa sistema ng hukuman ng Australia, ang mga tao ay itinuturing na walang kasalanan hangga't hindi sila napapatunayang may kasalanan ng isang hukuman. Ang bawat isang tao ay may karapatang katawanin ng isang abogado sa hukuman.

Ang hukuman ay gagamit ng isang panghukumang lupong tagahatol sa ilang mga kaso upang makapagdesisyon kung ang isang tao ay lumabag sa batas. Ang tungkulin ng isang panghukumang lupong tagahatol ay magdesisyon sa hukuman kung ang tao ay walang kasalanan o may kasalanan. Ang panghukumang lupong tagahatol ay isang grupo ng mga pangkaraniwang mamamayang Australiano na piniling pasumala

mula sa pangkalahatang populasyon. Ipaliliwanag ng huwes ang batas sa hukumang lupong tagahatol. Sa isang paglilitis na kriminal, kapag natagpuan ng hukumang lupong tagahatol na ang isang tao ay may kasalanan, ang huwes ang magdedesisyon sa kaparusahan.

Ang pulisya

Ang pulisya ay nagpapanitili ng kapayapaan at kaayusan sa komunidad. Kanilang tungkulin na protektahan ang buhay at propyedad. Sila ay nagsasarili sa pamahalaan. Kung naniniwala ang pulisya na ang isang tao ay nilabag ang batas, maaari nilang arestuhin ito at iharap sa hukuman ng batas. Ang pulisya ay maaaring magbigay ng ebidensiya sa hukuman, pero ang hukuman ang gagawa ng desisyon kung ang isang tao ay may kasalanan o wala.

Ang mga estado at ang Hilagang Teritoryo ay may sariling mga hukbong pampulisya. Sila ang humaharap sa mga krimen sa ilalim ng mga batas ng estado at teritoryo.

Ang Australia ay mayroon ring pambansang pulisya na tinatawag na Pederal na Pulisya ng Australia (Australian Federal Police, AFP). Ang AFP ay nag-iimbestiga ng mga krimen laban sa batas pederal, halimbawa nito ay pagtatrapiko ng droga, mga krimen laban sa seguridad ng bansa at mga krimen laban sa kapaligiran. Responsibilidad din ng AFP ang pangkalahatang gawaing pampulisya sa Australian Capital Territory.

Ang pulisya at ang komunidad ay may magandang samahan sa Australia. Maaari ninyong ireport ang mga krimen at humingi ng tulong sa inyong mga lokal na pulisya.

Sa Australia, mabigat na krimen ang suhulan ang pulis. Isang krimen ang kahit na mag-alok lang ng suhol sa isang opisyal ng pulisya.

Mga kriminal na paglabag sa Australia

Mahalaga na kayo ay pamilyar sa mga batas ng Australia. Kung lumabag kayo sa batas ng Australia na hindi ninyo alam, maaari kayong makasuhan, dahil ang hindi pagkakaalam sa batas ay hindi dahilan para labagin ito.

Kabilang sa mga ilang pinakamabigat na krimen ang pagpatay, pagsalakay, panggagahasa, karahasan sa tao o propyedad, armadong pagnanakaw o pandurukot, mga relasyong sekswal sa mga bata o mga menor de edad na mas bata pa sa legal na edad ng pahintulot, mapanganib na pagmamaneho ng sasakyan, pag-aari ng drogang pinagbabawal at pandaraya.

Lahat ay may karapatan na makaranas ng positibo at ligtas na relasyon sa kanilang mga pamilya, kaibigan at mahal sa buhay. Gaya sa ibang bansa, ang karahasan sa isang tao ay pinagbabawal sa Australia at ito ay isang mabigat na krimen. Kabilang dito ang karahasan sa tahanan at sa loob ng pag-aasawahan, na tinatawag na karahasang pantahanan o pampamilya. Ang karahasang pantahanan o pampamilya ay kinabibilangan ng pag-uugali o mga banta na naglalayong kontrolin ang kapareha sa pamamagitan ng pagdulot ng takot o pagbabanta sa kaligtasan nila. Maaaring ibilang sa karahasang pantahanan o pang-pamilya ang pisikal na pananakit, pagbubukod ng miyembro ng pamilya sa mga kaibigan at ibang kapamilya, o pagbabanta sa mga kabataan o mga alagang hayop. Ang karahasang pantahanan at pang-pamilya ay hindi katanggap-tanggap at ito ay labag sa batas.

Ang taong gumawa ng mga krimen na ito ay maaaring makulong, lalaki man o babae. Ang masamang pagtrato o pananakit ay hindi dapat tanggapin ng kahit sino.

Kung ikaw o may kakilala ka na maaaring nasa panganib, maaaring tumawag sa pulisya. Makukuha ang karagdagang impormasyon sa www.respect.gov.au at www.1800respect.org.au.

Mga paglabag sa trapiko

Ang mga patakaran sa kalsada at trapiko ay tungkulin ng mga pamahalaan ng estado at teritoryo. Ang mga tao ay maaaring pagmultahin o ipakulong dahil sa paglabag sa mga batas pantrapiko. Para makapagmaneho ng sasakyan sa Australia, kailangan ninyo ng lokal na lisensiyang magmaneho at ang sasakyan ay dapat na nakarehistro.



IKA-APAT NA BAHAGI

Ang mga pinapahalagahan
ng Australia



Ang mga pinapahalagahan ng Australia

Ang mga pinapahalagahan ng Australia na batay sa kalayaan, paggalang, pagiging patas at pagkakapantay-pantay ay nasa sentro upang mapanatiling ligtas, maunlad at mapayapang matitirhan lugar ang ating komunidad.

Ang mga pinapahalagahan natin ang magtatakda at huhubog sa ating bansa at siyang dahilan kung bakit maraming tao ang gustong maging mamamayang Australiano.

Ang pagkamamamayang Australiano ay tungkol sa pamumuhay nang may mga ganitong pagpapahalaga sa pang-araw-araw na buhay at sa iyong lokal na komunidad. Kung kaya't napakahalaga na maunawaan ninyo ang mga pinapahalagahan ito na inaasahang gagalingin, ibabahagi at papahalagahan ng lahat ng mamamayang Australiano.

Ang mga pinapahalagahan natin

Paninindigan sa Paghahari ng Batas

Ang lahat ng mga Australiano ay protektado ng ating mga batas at mga sistemang legal. Ang mga Australiano ay kinikilala ang kahalagahan ng mga batas sa pagpapanatili ng isang mapayapa at maayos na lipunan.

Sa ilalim ng Paghahari ng Batas, ang lahat ng mga Australiano ay pantay-pantay sa ilalim ng batas at walang sinuman o grupo na mas tataas pa sa batas. Sa Australia, lahat ng tao ay dapat sumunod sa batas at hindi lalabag dito sa anumang oras, kung hindi maaari kayong humarap sa mga parusa. Kailangan ninyong sundin ang batas kahit walang nanonood sa inyo.

Ang mga batas ng Australia ay nilalapat sa lahat ng mga tao sa Australia. Nangangahulugan ito na anuman ang inyong pinanggalingan o kultura, kailangang sumunod kayo sa mga batas ng Australia.

Demokrasyang Parlamentaryo

Ang sistema ng pamahalaan ng Australia ay isang demokrasyang parlamentaryo. Ang aming mga batas ay pinagpasyahan ng mga parlamento na binoto ng mga tao. Nangangahulugan ito na ang lahat ng mga mamamayang Australiano ay kalahok sa kung papaano pinamahalaan ang bansa. Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nanggagaling sa mga mamamayang Australiano dahil ang mga mamamayang Australiano ay bumuboto sa mga taong kakatawan sa kanila sa parlamento.

Ang pagboto ay sapilitan sa Australia. Nagpapakita ito sa kahalagahan ng paglahok sa mga eleksiyon.

Kalayaang sumapi sa asosyasyon

Ang mga tao sa Australia ay dapat malayang makapagpahayag sa kanilang mga ideya, basta't hindi sila lumabag sa anumang batas. Sa Australia, malaya ang mga tao na magtagpo sa publiko o sa pribadong mga lugar para pag-usapan ang mga bagay na panlipunan o pampulitika. Malaya ring magsalita at magsulat ang mga tao ng kanilang iniisip sa anumang paksa at pag-usapan ang kanilang mga ideya sa iba. Ang mga pahayagan, telebisyon at mga outlet ng radyo ay may ganito ring kalayaan.

Ang mga Australiano ay pinapahintulatang mapayapang magprotesta laban sa mga aksyon ng pamahalaan, dahil ang pagpaubaya sa mapayapang pampublikong protesta ay mahalagang bahagi ng demokrasya.

Hindi katanggap-tanggap na magtaguyod ng karahasan laban sa ibang tao o grupo ng tao (dahil sa kanilang kultura, etnisidad, relihiyon, o pinanggalingan) dahil labag ito sa mga pinapahalagahan at batas ng Australia. Ipinagbabawal rin sa batas ang gumawa ng maling paratang o himukin ang iba na lumabag sa batas. Dapat din natin na igalang ang kalayaan ng iba na magsalita at magpahayag, basta't naaayon sa batas ang pagpapahayag na iyon.

Kalayaang sumapi sa asosyasyon

Sa Australia, malaya ang mga tao na boluntaryong sumapi o umalis mula sa anumang grupo basta't hindi sila lumabag sa batas. Ang mga tao ay malayang umanib sa anumang legal na organisasyon, tulad ng partidong pampulitika, unyon ng mga manggagawa, grupong pangkultura o panlipunan. Ang mga indibidwal ay hindi maaaring pilitin na sumali sa isang organisasyon o sapilitang iwanan ito.

Ang mga Australiano ay maaaring makipagtipon sa iba, kabilang na upang magprotesta laban sa aksiyon ng pamahalaan o isang organisasyon. Subalit lahat ng mga protesta ay nararapat na sangayon sa batas. Ito'y nangangahulugang dapat maging mapayapa, at hindi mananakit ng isang tao o maninira ng propyedad.

Kalayaan ng relihiyon

Ang Australia ay walang opisyal na pambansang relihiyon at ang mga tao ay malayang sumunod sa kahit anumang relihiyon na pinili nila. Tinatrato ng pamahalaan ang lahat ng mamamayan na pantay-pantay, kahit anupaman ang kanilang mga relihiyon o paniniwala. Gayunpaman, ang mga ay kaugaliang panrelihiyon ay hindi dapat lumabag sa mga batas ng Australia.

Ang mga panrelihiyong batas ay walang legal na katayuan sa Australia. Ang batas ng Australia ay kailangang sundin ng lahat ng tao sa Australia, pati na kung saan ito ay naiiba sa mga panrelihiyong batas. May ilang mga kaugaliang panrelihiyon o pangkultura, katulad ng polygamy (pag-aasawa nang mas marami sa isang tao sa parehong panahon) at sapilitang pag-aasawa, ay labag sa batas ng Australia at maaaring magresulta sa malubhang mga legal na parusa, kabilang ang pagkabilanggo.

Ang hindi pagpaparaan ng ibang relihiyon ay hindi katanggap-tanggap sa lipunan ng Australia. Ang lahat ng tao ay dapat bigyan ng pantay na pagkakataon upang magpursige sa kanilang mga hangarin at interes kahit ano pa man ang kanilang etnisidad o relihiyon basta't sumusunod sila sa batas ng Australia.



Ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng mga tao ilalim ng batas

Pinapahalagahan ng lipunan ng Australia ang pagkakapantay-pantay ng mga karapatan ng lahat ng tao, anupaman ang kanilang kasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, relihiyon, lahi, o bansa o etnikong pinanggalingan. Mayroong ilang mga batas sa Australia na nagpoprotekta sa tao mula sa pagtrato ng di pareho sa iba.

Ang batas ay pinapairal sa Australia upang ang mga taong iba't iba ang pinanggalingan ay hindi mabibigyan ng mas pinaborang pagtrato, o makaranas ng diskriminasyon. Halimbawa, ang mga Buddhist at mga tao sa lahat ng ibang pananampalataya ay tumatanggap ng parehong pagtrato na ibinibigay sa mga Kristiyano. Sa ilalim ng ating mga batas, ang dalawang tao ay maaaring makasal sa bawat isa, kabilang ang kasal sa pagitan ng dalawang lalaki o dalawang babae.

Ang mga kalalakihan at kababaihan ay may parehong mga karapatan at dapat bigyan ng pantay na pagkakataon upang magpursige sa kanilang mga hangarin at interes. Ang kapwa kalalakihan at kababaihan ay may pantay na access sa edukasyon at trabaho, maaaring bumoto sa mga eleksiyon, at kumandidato para sa parlamento, sumapi sa Hukbong Pagtatanggol ng Australia (Australian Defence Force) at sa pulisya, at tatratin silang pantay-pantay sa mga hukuman ng batas.

Labag sa batas na itangi ang isang tao dahil sa kanilang kasarian. Sa Australia, karapatan ng isang babae na matanggap sa trabaho bago ang lalaki, kung mas mabuting ang kuwalipikasyon at kakayahan niya.

Ang kapwa lalaki at babae ay may karapatang gumawa ng sarili nilang may-kasarinlang desisyon sa mga bagay na personal, katulad ng pag-aasawa at relihiyon, at ang mga ito ay protektado ng batas laban sa pananakot o karahasan. Ang pisikal na karahasan laban sa asawa o kapares ay hindi kailanman matatanggap at ito ay isang kriminal na pagkakasala sa Australia.

Tinatanggap ang diborsiyo sa Australia. Ang sinuman sa asawang lalaki o asawang babae ay maaaring mag-aplay para sa diborsiyo sa mga hukuman, kahit na gusto pa ng isang asawa na magpatuloy sa pag-aasawa.

Pagkakapantay-pantay sa pagkakataon at 'fair go' (pantay na pagkakataon)

Naniniwala kami na ang lahat ng tao ay karapat-dapat na magkaroon ng 'fair go' at dapat hindi limitado ang mga tao sa anumang ng kaibahan sa antas ng pamumuhay (class distinction). Lahat ng tao, anuman ang kanilang pinanggalingan, ay binibigyan ng patas na oportunidad upang matamo ang tagumpay sa buhay, at ang pagsiguro na ang lahat ay may parehong mga legal na karapatan ay isang mahalagang aspeto ng pagiging patas sa lipunan ng Australia.

Kung ano ang naabot ng isang tao sa kaniyang buhay ay dapat resulta ng kaniyang pagsisikap at mga talento. Ito ay nangangahulugang ang isang tao ay dapat na bigyan ng trabaho batay sa kaniyang mga kakayahan at karanasan, hindi dahil sa kaniyang kasarian, yaman, o etnisidad.

Kapag kailangan ng organisasyon na lagyan ng empleyado ang isang posisyon sa trabaho, sinusuportahan ng batas na pipiliin nila ang tao na may pinakamahusay na kakayahan at karanasan para sa trabaho.

Maraming mga bagong migrante sa Australia ay naging mga lider sa negosyo, kanilang propesyon, sa sining, serbisyong pampubliko at palaro sa pamamagitan ng kanilang pagsisikap at kasipagan.



Paggalang at pagpaubaya sa bawat isa

Sa Australia, kailangang galangin ng mga indibidwal ang kalayaan at karangalan ng ibang tao, at kanilang mga opinyon at pagpili.

Labag sa batas na maging marahas sa ibang tao. Ang kahit anong uri ng karahasan, kabilang ang pasalita at pisikal na pang-aabuso, ay labag sa batas. Ang mga Australiano ay naniniwala sa mapayapang di-pagkakasundo at higit sa lahat sa karapatang maging ligtas at malaya sa karahasan at intimidasyon.

Sa Australia, may mga mahihigpit na batas hinggil sa edad ng pagpahintulot ng sekswal na aktibidad, na 16 o 17 depende sa aling estado o teritoryo ka naninirahan. Halimbawa, sa Australia, ang isang 20 taong gulang na lalaki ay hindi maaaring magkaroon ng sekswal na relasyon sa isang 15 taong gulang na babae, dahil labag ito sa basta sa lahat ng mga estado at teritoryo ng Australia.

Sa Australia, ang mga aksyon ng pulis na naaayon sa batas ay dapat suportahan. Dapat mong sundin ang isang kahilingan ng pulis na naaayon sa batas, dahil ang lahat ng mga Australiano ay naninindigan sa pagsunod sa batas.

Pinapahalagahan ng Australia ang mga prinsipyo ng paggalang at pagpaubaya sa bawat isa. Nangangahulugan itong pakikinig sa iba at paggalang sa kanilang mga pananaw at opinyon, kahit na naiiba ito sa iyong sarili. Ang mga tao ay dapat magpaubaya sa isa't isa kung malaman nila na hindi sila magkakasundo.

Walang puwang ang rasismo sa Australia. Kabilang dito ang paglikha o pagbabahagi ng mga materyal na nakakasakit sa isang lahi sa internet o iba pang publikasyon o magsasagawa ng mga komentaryong nang-aabuso sa isang lahi sa pampublikong lugar o sa isang okasyong palaro.

Ang ating komunidad

Pag-ambag ng kontribusyon

Ang pagiging mamamayan ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon upang lubusang makilahok sa buhay at komunidad ng ating nasyon. Nangangahulugan ito na kayo ay handang isakatuparan ang inyong mga responsibilidad bilang isang mamamayan ng Australia. Inaasahan ng mga Australiano na ang lahat na naninirahan sa Australia ay lalahok sa ating lipunan at mag-aambag ng kontribusyon sa ating komunidad. Ang lahat ay may responsibilidad na subukan at suportahan ang kanilang sarili at kanilang mga pamilya kapag kaya nilang gawin ito.

Pakikiramay sa mga nangangailangan

Pinapahalagahan ng mga Australiano ang 'pagiging magkaibigan'. Tinutulungan natin ang bawat isa sa mga oras ng pangangailangan. Halimbawa, maaaring mangangahulugan ito ng pagdadala ng pagkain sa matandang kapitbahay, pagmamaneho sa kaibigan sa kaniyang appointment sa doktor, o pagbibisita sa isang taong may sakit, mahina, o nag-iisa.

Sa diwa ng pagiging magkaibigan na ito, ang Australia ay may matibay na tradisyon ng serbisyo at pagboboluntaryo sa pamayanan – sa pangangalaga sa isa't isa at pagpapalakas ng komunidad. Ang pagboboluntaryo ay isang magandang oportunidad upang maibahagi ang kaalaman, matuto ng mga bagong kakayahan, at madagdagan ang inyong integrasyon sa at pakiramdam na kabilang kayo sa komunidad ng Australia. May maraming oportunidad para sa iyo na magboluntaryo sa Australia.

Ingles bilang pambansang wika

Ang lipunan ng Australia ay nagpapahalaga sa wikang Ingles bilang pambansang wika ng Australia, at bilang mahalagang elemento sa pagkakaisa ng lipunan. Ang mga taong naninirahan sa Australia ay dapat magsumikap upang matuto ng Ingles.

Mahalagang matutong makapagsalita ng Ingles dahil tumutulong ito upang makakuha ng edukasyon, trabaho, at maging mas mahusay ang integrasyon ng iyong sarili sa komunidad. Mahalaga ito sa paglahok sa ekonomiya at pagkakaisa ng lipunan. Ang mga aplikante para sa pagkamamamayan ng Australia ay dapat magsagawa ng makatuwirang pagsisikap na matuto sa wikang Ingles, kung hindi ito kanilang sariling wika.

Pagtulong upang manatiling ligtas ang lipunan

Sa Australia, may mga responsibilidad ang bawat isa sa atin na tumulong na protektahan ang lipunan ng Australia. Halimbawa, kung nagsususpetsa ang tao sa Australia na ang kaniyang kaibigan o kapitbahay ay maaaring nagpapalano na magsagawa ng isang mabigat na krimen, dapat niya itong iulat sa mga awtoridad ng pamahalaan ng Australia sa lalong madaling panahon. Sa ganitong paraan, makakatulong tayong protektahan ang kaligtasan ng ating komunidad.

Katulad nito, kung ang isang tao sa Australia ay nakakakita o may kaalaman tungkol sa pang-aabuso sa isang bata, dapat niya itong iulat sa pulis upang maimbestigahan.

Hindi tinatanggap ang online na pang-aabuso sa Australia. Tinatawag ito paminsan-minsan bilang cyber abuse. Kabilang sa mga halimbawa ang pagbabahagi ng mga sekswal na litrato at video online nang walang pahintulot, pag-stalk sa isang tao online, o pagsasagawa ng mga komentaryong pang-aabuso sa isang lahi tungkol sa isang tao online. Maraming anyo ng cyber abuse ang labag sa batas sa Australia.

Katapatan sa Australia

Sa seremonya ng pagkamamamayan, ipinapangako ng mga mamamayang Australiano ang kanilang katapatan sa Australia at sa kaniyang mga mamamayan. Ang mga mamamayang Australiano ay maaari ring humawak ng pagkamamamayan ng ibang bansa o mga bansa kung pinapahintulutan ito ng mga batas ng mga bansang iyon. Ito ay tinatawag na dalawahan, o maramihang, pagkamamamayan (dual citizenship). Gayunpaman, kahit na ang isang tao ay mamamayan rin ng ibang bansa, ang mamamayang Australiano sa loob ng Australia ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas ng Australia sa lahat ng oras. Ang ilang mga batas ng Australia ay dapat rin sundin ng mga mamamayang Australiano kahit pa nasa ibang bansa sila. Halimbawa, labag sa batas na maging sangkot ang mga Australiano sa anumang sekswal na aktibidad, dito o sa ibang bansa, sa isang bata na wala pang 16 na taong gulang.

Ang lipunan ng Australia ay batay sa mga obligasyon ng lahat na huwag sisirain ang mga interes at seguridad ng Australia. Halimbawa, ang paggamit ng social media upang ibahagi ang mga sekreto ng pamahalaan ay makakasira sa mga interes ng Australia. Katulad nito, ang pagtaguyod ng kawalan ng tiwala at takot sa isang etnikong komunidad ay makakasira sa mga ugnayan sa komunidad ng Australia.

Sa Australia, nagsasama-sama tayo sa mga panahon ng krisis at inaalagaan natin bawat isa maging mabuti man o masama ang panahon. Sa panahon ng nakakawasak na bushfire sa Australia sa taong 2019-20, na nagresulta sa pagkawala ng buhay, ari-arian at wildlife, at pagkasira ng kapaligiran, maraming multikultural na komunidad ang nagsumikap upang kolektahin ang mga donasyong pera, mga damit at pagkain upang tulungan ang mga taong apektado sa mga bushfire. Halimbawa, ang mga miyembro ng mga pamayanan ng Intsik, Taga-Vietnam, Taga-Cambodia sa Victoria ay nagkolekta ng mga donasyon sa mga shopping center at nangalap ng pondo sa pamamagitan ng mga kaganapan ng grupo sa lokal na komunidad, at ang mga miyembro ng pamayanan ng Sikh ay nagbigay ng donasyon ng libu-libong bote ng tubig sa mga komunidad at mga bombero sa Queensland.



Sa Pagtatapos

Ang ating mga institusyong demokratiko at mga pinahalalagahan nating lahat sa Australia ay lumikha ng isang mapayapa at matatag na lipunan.

Mayroon tayong mayaman at kakaibang kultura na maaari nating ibahagi. Bilang isang mamamayang Australiano, kayo ay magiging bahagi ng kwento ng ating bansa at kayo ay makakatulong sa ating hinaharap. Malugod kayong tinatanggap ng Australia. Ang pagkamamamayan ang ating panlahatang pagkakaugnay.

Talahuluganan ng seksiyong iniiksamen

Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island

ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ang mga orihinal na naninirahan sa lupain sa Australia

Ang Katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island ng Australia ay bumubuo sa hanggang tatlong porsiyento ng populasyon ng Australia.

Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng Australia (Australian Human Rights Commission)

Isang may-kasarinlang komisyon na nag-iimbestiga ng mga reklamo tungkol sa diskriminasyon at karapatang pantao

Ang mga insidente ng rasismo ay maaaring isumbong sa Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng Australia.

Ang Serbisyong Pampubliko ng Australia

mga Kagawaran ng pamahalaan at mga taong empleyado nito

Nakakuha ng trabaho si Paul sa Serbisyong Pampubliko ng Australia bilang isang empleyado ng Services Australia.

kaguluhang sibil

ang mga demonstrasyon at kaguluhan ng malaking bilang ng mga tao na karaniwang nagpoprotesta laban sa desisyon o patakaran ng pamahalaan

Nagkaroon ng kaguluhang sibil nang aprubahan ng pamahalaan ang mga batas na kinamumuhian.

koalisyon

ang pagbubuklod ng dalawa o mas higit pa na partidong pampolitika na karaniwan ay para magtatag ng isang pamahalaan o oposisyon

Pagkatapos ng eleksiyon, walang partido na nakakamit ng mayoriya sa Kapulungan ng mga Kinatawan, kaya't ang dalawang partido na may parehong pananaw ay nagbuo ng isang koalisyon.

komisyon

isang grupo ng tao na mayroong opisyal na responsibilidad

Isang may-kasarinlang komisyon ang namamahala sa mga eleksiyon.

Konstitusyon

ang kataas-taasang batas ng Australia na kailangang sundin ng pamahalaan

Ang Konstitusyon ay nagtatakda sa mga kapangyarihan ng gumawa na batas, tagapangasiwa, at panghustisya.

pamahalaang makahari na ayon sa konstitusyon

isang bansa kung saan ang hari o reyna ang pinuno ng estado, na ang mga kapangyarihan ay nililimitahan ng Konstitusyon

Itinatag ng ating Konstitusyon ang Komonwelt ng Australia bilang isang konstitusyonal na monarkiya, kung saan ang Hari o Reyna ng United Kingdom ang ating Pinuno ng Estado.

hukuman

isang lugar kung saan ang mga kasong legal ay pinakikinggan ng isang huwes o mahistrado

Kapag nilabag ng mga tao ang batas, maaari silang iharap sa hukuman.

paglilitis na kriminal

isang pagdinig sa hukuman ng mga nangyari upang magdesisyon kung may kasalanan o wala ang isang tao sa krimen

Pagkatapos ng paglilitis ng krimen, ang nagnakaw sa bangko ay nabilanggo.

cyber na pang-aabuso

Pag-uugali na gumagamit ng teknolohiya upang magbanta, manakot, manggipit or mamahiya ng ibang tao upang makapanakit

Maraming uri ng cyber na pang-aabuso ay labag sa batas sa Australia at dapat ay maisumbong sa pulisya at sa online na serbisyo, tulad ng platform ng social media kung saan ito naganap.

demokrasya

pamahalaan ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang inihalal na kinatawan

Maligayang naninirahan sa isang demokrasya si Grace kung saan siya ay maaaring bumoto sa kaniyang kinatawan sa parlamento.

ang karahasang pantahanan o pampamilya

Ang pag-uugali o mga banta na naglalayong kontrolin ang kapareha sa pamamagitan ng pagdulot ng takot o pagbabanta sa kaligtasan nila. Ang karahasang pantahanan o pampamilya ay hindi tinatanggap at ito ay labag sa batas

Ang karahasang pantahanan o pampamilya ay labag sa batas sa Australia at dapat iulat sa pulisya.

pagtatrapiko ng droga

pagdadala o pagbili ng droga upang ibentang ilegal

Si Jess ay ipinadala sa bilangguan dahil sa pagtatrapiko ng droga.

eleksiyon

isang proseso kung saan ang mga mamamayan ay pumipili ng taong kakatawan sa kanila sa Parlamento

Ang mga mamamayang Australiano na may edad 18 taon o higit pa ay dapat na bumoto sa isang eleksiyon.

rehistro ng mga botante

ang listahan mga taong nakarehistro upang bumoto sa eleksiyon o reperendum

Nang si Jan ay dumating sa sentro ng botohan, tiningnan ng opisyal ang kaniyang pangalan sa rehistro ng mga botante.

rehistro ng mga botante

ang mga distrito na binubuo ng mga botante na bumuboto upang ihalal ang mga pulitiko sa Kapulungan ng mga Kinatawan.

Ang mga rehistro ng mga botante ay tinatawag na mga distrito, dibisyon, o pwestong panghalalan.

pagkakapantay-pantay

pareho ng katayuan

Naniniwala ang mga Australiano sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng mga tao.

ipatupad ang batas

siguruhin na ang mga tao ay sumusunod sa batas

Tungkulin ng pulisya na ipatupad ang batas at panatilihin ang kapayapaan.

kapangyarihang mamamahala

ang kapangyarihan at awtoridad na pamahalaan ang mga batas, isa sa tatlong kapangyarihan sa ilalim ng Konstitusyon ng Australia

Ang mga ministro ng Pamahalaan ng Australia at ang Gobernador-Heneral ang may kapangyarihang tagapangasiwa upang ilapat ang mga batas na ginawa ng Parlamento ng Australia.

pantay na pagkakataon

lahat ng tao, anuman ang kanilang pinanggalingan, ay binibigyan ng patas na oportunidad upang matamo ang tagumpay sa buhay

Sa Australia, naniniwala tayo na ang bawat isa ay karapatdapat na bigyan ng 'fair go'.

pederasyon

ang pagkakabuklod ng mga kolonya upang maging isang bansa samantalang kanilang pinanatili ang ilang mga kapangyarihan

Noong 1901, ang mga kolonya ay nagkabuklod-buklod bilang isang pederasyon na tinawag na Komonwelt ng Australia.

Unang Plota

ang grupo ng 11 barkong bumiyahe mula sa Britanya sa ilalim ni Kapitan Arthur Phillip upang itatag ang paninirahan ng mga bilanggo sa

New South Wales

Ang Unang Plota ay dumaong sa Sydney Cove noong Enero 26, 1788.

sagisag na bulaklak

pambansang bulaklak

Ang sagisag na bulaklak ng Australia ay ang ginintuang wattle.

sapilitang pag-aasawa

pag-aasawa kung saan ang isa o pareho ng mag-asawa ay hindi nagkaroon ng malayang pagpili

Hindi siya kailanman maligaya sa kaniyang sapilitang pag-aasawa at palagi niyang ninanais na umalis dito.

mula sa panahong ito

mula ngayon at sa hinaharap

Sa seremonya ng pagkamamamayan, ikaw ay nangako na maging tapat sa Australia mula sa panahong ito.

simbolo

isang tanyag na larawan

Ang Opera House ay isang sikat na simbolo ng Sydney.

Katutubo

Katutubo at/o mga taong mula sa Torres Strait Island ng Australia
Ang mga Katutubong Australiano ang mga Unang Tao sa bansang ito.

integrasyon

ang proseso sa pakikibagay ng mga migrante upang makakalahok at makaka-ambag sila sa kanilang bago, at umuusbong na lipunan
Sa paglipas ng panahon, ang mga migrante ay nakakatanggap ng benepisyo mula sa kanilang integrasyon sa Australia at sa lokal na komunidad.

kapangyarihang panghustisya

ang kapangyarihan at awtoridad na mag-interpretar at maglapat ng mga batas, isa sa tatlong kapangyarihan sa ilalim ng Konstitusyon ng Australia
Ang mga hukuman ng Australia ang may kapangyarihang panghustisya.

kapangyarihang pambatas

ang kapangyarihan at awtoridad na gumawa at baguhin ang mga batas, isa sa tatlong kapangyarihan sa ilalim ng Konstitusyon ng Australia
Sa ilalim ng Konstitusyon, ang Parlamento ang may kapangyarihang pambatas.

mga kalayaan

personal na kalayaan at pagsasarili
Sa ating lipunang demokratiko, ang mga tao ay may kalayaang magsalita, kalayaang magpahayag ng iniisip, kalayaan ng relihiyon at kalayaang sumapi sa anumang asosasyon. Pinahahalagahan natin ang mga kalayaang ito.

mahistrado

isang huwes (lider) ng isang mababang hukuman
Napatunayan ng mahistrado ang magnanakaw na may kasalanan at pinadala ito sa bilangguan.

pagiging magkaibigan

pagtulong at pagtanggap ng tulong sa iba, lalo na sa panahon ng kahirapan
Nang masiraan ang aking sasakyan, ang ibang mga drayber ay tumulong sa pagtulak nito sa diwa ng pagiging magkaibigan.

pambansang awit

pambansang awit
Ang pambansang awit ng Australia ay 'Advance Australia Fair'.

parlamentaryong demokrasya

isang sistema ng pamahalaan batay sa palagiang eleksiyon ng mga kinatawan sa parlamento ng mga mamamayan
Sa isang parlamentaryong demokrasya, ang mga tao ay bumuboto sa kanilang mga kinatawan.

partidong pampulitika

isang grupo ng tao na may parehong mga pananaw kung papaano pamamahalaan ang bansa at karaniwang kakandidato upang mahalal
Ang mga miyembro ng partidong pampulitika ay regular na nagtitipon, halimbawa, upang pag-usapan ang mga pagpapabuti sa transportasyong pampubliko.

reperendum

isang boto ng lahat ng mga botante sa panukalang pagbabago sa Konstitusyon ng Australia
Sa reperendum noong 1967, ibinoto ng mga tao na isamang bilangin ang mga Katutubong tao sa census.

rasismo

Ang masamang palagay, diskriminasyon, panliligalig, o pagkamuhi na nakadirekta sa isang tao dahil sa kaniyang lahi, kulay, bansa o etnikong pinanggalingan
Ang rasismo ay labag sa batas sa Australia at dapat iulat sa pulisya. Ang mga reklamo ay maaari ring isampa sa Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng Australia (Australian Human Rights Commission).

kinatawan

isang tao na kumikilos o nagsasalita para sa iba
Nagustuhan ng lokal kong kinatawan sa konseho ang aking ideya at iniharap ito sa pulong ng konseho.

paggalang

magpakita ng konsiderasyon sa isang tao bilang tao, o isang desisyon na ginawa nila
Natuwa si Emily na ginalang ng kaniyang pamilya ang kaniyang desisyon na maging Buddhist.

Paghahari ng Batas

ang lahat ng tao, kabilang ang mga mamamayan at pamahalaan, ay kailangang sumunod sa batas

Lahat ng tao sa Australia, kabilang ang Punong Ministro, ay kailangang sumunod sa lahat ng batas ng Australia sa ilalim ng Paghahari ng Batas.

Services Australia

Isang ahensya ng gobyerno ng Australia na naghahatid ng mga bayarin at serbisyong pangkalusugan, panlipunan, at pangkapakanan sa pamamagitan ng Medicare, Centrelink, at Child Support.

Ang Services Australia ay naghahatid ng mga kabayaranang pansuporta sa pamamagitan ng Centrelink at iba pang mga serbisyo.

sekreto ng balota

isang sistema ng pagboto kung saan ang mga tao ay bumuboto ng pribado para walang sinumang maka-impluwensiya o makapilit kung paanong paraan sila boboto

Sa isang sekreto ng balota, walang sinumang tumitingin habang isinusulat mo ang inyong boto.

sekular

hiwalay sa relihiyon

Walang opisyal na relihiyon sa isang sekular na lipunan.

kakayahang magsarili

kayang maglaan para sa sarili ninyong pangangailangan, nang walang tulong mula sa ibang tao

Ang pagkakaroon ng trabaho ay nangangahulugang kaya niyang bumili ng sarili niyang pagkain at bayaran ang sariling renta.

May kakayahan siyang magsarili.

nagtatag

magtayo, magtatag, magsimula

Si Gobernador Phillip ang nagtatag ng unang kolonya sa New South Wales.

distrito

isang sangay ng pamahalaang lokal

Ang mga kalsada sa aking distrito ay napakaligtas.

segurong panlipunan

mga pensiyon o pakinabang sa pamahalaan upang tulungan ang mga walang trabaho, ang may kapansanan, ang matatanda at ibang nangangailangan

Nang mawalan ng trabaho si Trang, siya ay nag-aplay para tumanggap sa mga benepisyo ng segurong panlipunan.

Opisina sa Buwis ng Australia (Australian Taxation Office, ATO)

Isang ahensiya ng Pamahalaan ng Australia na nangangasiwa sa mga sistema ng buwis at superannuation na sumusuporta at nagpopondo ng mga serbisyo para sa mga Australiano

Bawat taon, karamihan sa mga Australiano ay nagsusumite ng tax return sa Opisina sa Buwis ng Australia (Australian Taxation Office).

mga pinahahalagahan

mga prinsipyo na tumutulong sa tao na magdesisyon kung ano ang tama at mali, at kung paano kumilos sa iba't ibang sitwasyon

Ang Australia ay may isang hanay ng mga bagay na pinahahalagahan ng lahat, na tinatawag nating mga pinapahalagahan ng Australia.

boluntaryo

isang tao na nagbibigay ng kaniyang panahon sa kapwa o sa isang organisasyon na hindi umaasang babayaran

Si Raza ay isang boluntaryo na nagtuturo ng Ingles sa mga tao sa kanilang tahahan.



Sa katapusan ng seksyong iniiksamen